

**Kay YHWH ang Lupa at Kapunuan Nito**  
**AWIT 24:1-2**

**Pagsasalin sa Wikang Filipino Mula sa Batayang Teksto ng Wikang Hebreo**

Ang mga MGA AWIT<sup>1</sup> ay nalikha sa loob ng mahabang panahon bago pa man nabuo ang bayang Israel. Ayon kay Hans-Joachim Kraus, ang panahon ni David ang siyang paulit-ulit na paksa sa MGA AWIT na nakaugat sa mga kulto ng Templo ng Jerusalem.<sup>2</sup> Napakahaba na ng panahon ang lumipas mula nang nailikha at idinadalangin ng Bayang Israel ang MGA AWIT. Sinabi ni Robert Alter, ang MGA AWIT ay hindi naiiba sa panitikan ng mga lugar sa mga lumang lipunan sa Karatig Silangan.<sup>3</sup> Gayundin naman, ang ating mga ninuno sa pananampalataya ay nagpapatuloy pa rin sa pagdalangin ng MGA AWIT, dahil tunay nga itong nakaaantig sa damdamin ng tao. Sa katunayan, sa panahon pa lamang ng unang mga Kristiyano ay naisalin na sa Wikang Griyego ang MGA AWIT mula sa Wikang Hebreo, at hindi naman naglaon ay naisalin din sa Latin at sa iba't-iba pang mga wika.

Maraming mga dalubhasa ang nagkainteres na patuloy nilang pag-aralan ang MGA AWIT. Sa kanilang pananaliksik, natanto ng mga ito ang kahalagahang maipaabot sa karmihan ang mga panalangin ito. Tunay ngang napakahalaga ang pagsasalin ng MGA AWIT sa iba't-ibang wika. Hindi lamang basta maisalin, kundi, kinakailangan ding nakaugat ito sa karanasan ng mga Hudyo at nakaakma sa kalinangan ng nagsasagawa ng pagsasalin at sa Wikang sinasalina nito.

Mahigit tatlung-taon na ang nakalipas nang naimungkahi at naisagawa ang mga pagbabago na inilahad sa Pangalawang Konsilyo ng Vatican. Kasama rito ang inkulturasyon, kung saan hinihikayat ang pagsasalin ng mga panalangin sa sariling wika o sa bernakular, nang sa gayon, magiging makulay at makabuluhan ang pakikilahok ng mga sumasampalataya sa lahat ng pagsambang panliturhiya.<sup>4</sup> Dahil dito lalong dumarami ang mga gawang salin ng Biblia, at isa sa mga naging bunga nito ay ang pagsasalin ng MGA AWIT sa pangalawa o pangatlong pagkasalin buhat sa isang wikang salin din mula sa orihinal na Tekstong Hebreo. Halimbawa, ang naisaling MGA AWIT sa Wikang Filipino ay batay na sa pangalawa o pangatlong salin. Isinalin ni Msgr. Jose Abriol ang Ang Banal na Biblia batay sa mga tekstong Kastila at Latin, at ngayon ay mayroon na rin itong bagong limbag. Naging huwaran naman ng Magandang Balita Biblia ang Today's English Version. Ibinatay naman ang sa iba't-ibang salin sa Wikang Ingles, tulad ng King James Version, New King James Version, American Standard Version, New English Version, Revised Standard Version, at ngayon ay may New

---

<sup>1</sup>Mas pinili ng may-akda ang MGA AWIT sa halip na *Salmo* na siyang karaniwang ginagamit ng ibang bersyon, dahil ito ay mas tunog Filipino, kung ihahambing sa *Salmo* na mas tunog Griyego.

<sup>2</sup>Hans-Joachim Kraus, *Psalms 24*, sa *The Expositor's Bible Commentary*, pang. pgt., Gaebelin, Frank E., isln. Hilton C. Oswald, bol. II sa 2 bol. (Michigan: Zondervan Publishing House, 1990), 219.

<sup>3</sup>Robert Alter, *Psalms: The Literary Guide to the Bible*, pgtn. Robert Alter at Frank Kermode (Massachusetts: The Belknap Press of Harvard University, 1987), 244.

<sup>4</sup>Austin Flannery, O.P., pang. pgt., *The Post Conciliar Documents on the Liturgy, Vatican Council II Document* (New York: Costello Publishing Company, 1975), 39.

Revised Standard Version, New International Version, at sa Wikang Filipino, nandiyan ang New Pilipino Version ng Biblia<sup>5</sup>.

Samakatuwid, malaki ang agwat ng pagkakaiba ng kahulugan ng mga teksto ng MGA AWIT dahil ang pagsalin nito ay hindi nakabatay sa orihinal na Wikang Hebreo. Dahil dito, maaaring maaapektuhan nang lubusan ang paghahayag ng damdamin ng mga nasabing Awit. Para sa mga tagasalin, madalas maging totoo ang kasabihang *taksil ang isang tagasalin*. Ito ay ngangahulugan na sa bawat pagsasalin, mayroong nababawas sa diwa ng orihinal, lalo na kung ang saling ito ay batay sa pangalawa o pangatlong salin. Maaari ding maapektuhan ang salin ng pag-iisip at oryentasyon ng tagasalin lalo na kung hindi ito nagiging maingat sa proseso ng pagsasalin. Ayon kay Ken Hale, ang wika ay mahigit pa sa grammar o balarila. Ito ay nakabatay sa mga kultura at mga daloy ng pag-iisip tungkol sa ating sarili at paligid.<sup>6</sup>

Nilalayan ng pagsusuring ito na mabigyang-halaga ang pagsasalin ng MGA AWIT sa Wikang Filipino (WF) batay sa orihinal na Wikang Hebreo nang sa gayon, mabawasan ang agwat ng pagkakaiba ng kahulugan nito, dahil sa epekto ng pagsasalin nito batay sa panga-lawa o pangatlong wika, gayundin, mapahalagahan ang anyong patula nito sa iminungkahing salin.

### **MGA BATAYANG KAALAMAN SA PAGSASALIN**

Ang pagpili ng masinop at matapat na pamamaraan ng pagsasalin ay isang napakalaking hamon sa sinumang nagnanais maging tagasalin. Ayon sa isang kasabihang Italiano, *Traduzione, Traditore* (literal na salin: *pagsasalin, taksil*). Sa madaling sabi, ang pag-sasalin ay taksil, dahil bawa't wika ay may kanya-kanyang sariling tunog na hindi mabibigyan ng matapat na salin.<sup>7</sup> Ayon nga kay Alfonso Santiago, *ang alin mang salin ay huwad lamang ng orihinal at dahil ito'y huwad, hindi maaaring hindi ito maiiba kahit papaano sa orihinal*.<sup>8</sup> Kaya, kinakailangan ang pormal na kaalaman sa mga pamamaraan na

---

<sup>5</sup>Tingnan sa Tikha ni Bernardita Dianzon, FSP, *Salaysay ng Paglikha: Isang Pamamaraan ng Pagsasalin ng Teksto-Kritiko* (Isang tikhang iniharap sa paaralang gradwado ng Pamantasang Ateneo de Manila, 20 Marso, 1993), 7. Bagama't sa mga bagong limbag ng Ang Banal na Biblia (ABB), pinagsikapan ding ibatay ang salin sa orihinal na Wikang Hebreo, ngunit hindi na gaanong nabigyan ng pansin ang mga detalye nito, dahil sa karamihan ng mga salitang isinalin.

<sup>6</sup>Nabanggit ni Ken Hale at inilathala naman ni Paul Lewis sa kanyang sanaysay, *Too Late to Say 'Extinct' in Ubykh, Eyak Ona*, New York Times, 15 August 1998, 7. Tingnan din ang kaugnay na paliwanag tungkol sa pagkakaugnay ng wika at kultura sa Daniel Wettle and Suzanne Romaine, Vanishing Voices (New York: Oxford University Press, 2000). Ayon sa kober ng Aklat, *Ang mga wika sa mundo ay inaasahang maglaho sa susunod na isang daang taon*. Sa Pilipinas, idiniin ang kahalagahan ng kaugnayan ng wika at kultura sa Konstitusyon. Tingnan sa Pamfilo Catacataca, *Ang Wika at Kultura sa Konstitusyon*, sa Punla sa Linggwistikang Filipino-handog parangal kay Alfonso Santiago, pgtn. Pamfilo D. Catacataca, Clemencia C. Espiritu at Pat Villanueva (Makati: Grandwater Publications and Research Corporation, 2001), 41-49. Nabanggit din ni Felipe de Leon Jr. ang ganitong pananaw sa kanyang lektur sa mga mag-aaral at mga guro sa Santa Isabel College noong Hulyo 27, 1983 na ginanap sa Santo Cristo del Tesoro Auditorium sa nasabing paaralan, Lungsod ng Maynila.

<sup>7</sup>Alfonso O. Santiago, Sining ng Pagsasalang-Wika (Manila: Rex Bookstore, 1976), 42.

<sup>8</sup>Pa. sang., pa. p..

binabanggit ng mga aklat tungkol sa pagsasalin,<sup>9</sup> gayundin, ang tagasalin ay kinakailangang mag-angkin ng mga sumu-sunod na mga katangian:<sup>10</sup>

1. Sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin
2. Sapat na kaalaman sa paksang isasalin
3. Sapat na kaalaman sa balarila o gramatika ng dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin
4. Sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin
5. Sapat na kakayahan sa pampanitikang paraan ng pagpapahayag.

Mahirap tanggapin ang katotohanang nakabatay pa rin ang pagsasalin ng Wikang Filipino sa mga batayang kaalaman at panuntunan ng pagsasalin sa mga aklat na nakasulat sa Ingles. Mabuti na lamang at nagsisikap din ang ilang mga may-akdang Pilipino, katulad nina Santiago at Mercado at mga kasama na maglathala ng mga batayang kaalaman tungkol sa pagsasalin sa Wikang ito. Idiniin ni Santiago na iisa ang tungkulin ng isang tagasalin: ang matapat na isalin sa ibang wika ang diwa, kahulugan o kaisipang napapaloob sa isinulat ng awtor o may-akda. Ang pagiging tapat sa pagsasalin ay masasabing isang uri ng pagtatakwil ng sarili sapagkat pinipilit ng tagasalin na mapaloob sa katauhan ng kanyang may-akda.<sup>10</sup> Naging batayan din sa pagsusuring ito ang tatlong pangunahing pagsasaalang-alang sa pagsasalin na ibinahagi ni Eugene Nida: Katangian ng mga mensaheng isinasalin, Layunin ng tagasalin, Ang uri ng babasa ng salin.<sup>11</sup> Dahil sa mga paalalang ito, mahalaga na magbigay ng maikling paliwanag tungkol sa Wikang Hebreo, at ilang mga katangian ng Wikang Filipino.<sup>12</sup>

Ipinahayag ni Santiago na tungkulin ng tagasalin na ihatid sa mga mambabasa ang diwa na ipinahayag ng may-akda sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na salita at estilo o paraan ng paglalahad. Ipinahayag niya na ang bawat wika ay nakaugat sa kultura ng mga taong likas na gumagamit nito. Bawat wika ay may kanya-kanyang natatanging kakanyahan. Ang isang salin, upang maituring na mabuting salin, ay kailangang maunawaan at matanggap ng pinag-ukulang pangkat na gagamit nito. Binanggit din ni Santiago sa kanyang aklat na sa larangan ng pagsasaling-wika ay napakaraming iba't-ibang paraan, simulain, paniniwala, alituntunin at prinsipyong kalimitan ay nagkaka-salungatan. Halimbawa:

1. Ang isang salin ay dapat magtaglay ng katumbas na mga salita sa orihinal.  
Ang isang salin ay dapat magtaglay ng katumbas na diwa ng orihinal.
2. Ang isang salin ay dapat maging himig ng orihinal kapag binasa.  
Ang isang salin ay dapat makilalang salin kapag binasa.
3. Dapat manatili sa isang salin ang estilo ng orihinal kapag binasa.  
Dapat lumitaw sa isang salin ang estilo ng tagasalin.
4. Ang isang salin ay dapat maging himig kapanahunan ng orihinal na awtor.  
Ang isang salin ay dapat maging himig kapanahunan ng tagasalin.
5. Ang isang salin ay maaaring may bawas, dagdag, o pagbabago sa diwa.  
Ang isang salin ay hindi dapat bawasan, dagdagan o baguhin sa diwa.

<sup>9</sup> Wilfreda P. Jorge-Legaspi, Isang Pagsusuri sa mga Teknik na Ginamit ni Rustica Carpio sa Pagsasalin ng Maikling Kwentong "Doubt" ni Wong Meng Voon, sa Pagsasaling-Wika, 40-41.

<sup>10</sup>Santiago, Sining ng Pagsasaling-Wika, 37. Nilagom mula sa aklat nina Eugene Nida, Toward a Science of Translating (Leiden: E. J. Brill, 1964) at T. H. Savory, The Art of Translation. Walang binanggit na mga pahina. Tingnan din ang ibang mga pahayag tungkol sa mga katangian ng tagapagsalin na inihayag ng iba pang mga may-akda sa Patrocio V. Villafuerte, Introduksyon sa Pagsasaling-Wika: Teorya, Mga Halimbawa at Pagsasanay (Makati: Grandwater Publications and Research Corporation, 2000), 120-121.

<sup>11</sup>Eugene Nida, Toward a Science of Translating (Leiden: E J Brill, 1964), 156; Tingnan din sa Peter Newmark, A Textbook of Translation (Prentice-Hall International, 1988), 45.

<sup>12</sup> Tingnan ang Tikha, 35-60. Kasama na rito ang iba pang detalye na may kaugnayan sa paksa.

6. Ang pagsasalin ng isang tula ay dapat patula rin.  
Ang pagsasalin ng isang tula ay dapat maging pasalaysay o tuluyan.

Tunay ngang magkasalungat ang mga nabanggit. Sa sitwasyong ito, nakatulong ang paliwanag ni Newmark tungkol sa kaibahan ng metodo ng pagsasalin at pamamaraan ng pagsasalin. Ayon sa kanya, ang metodo ng pagsasalin ay kaugnay ng pagsasalin ng buong teksto, samantalang ang pamamaraan ng pagsasalin ay para sa pangungusap at sa mas maliliit na yunit ng tekstong isasalin.<sup>13</sup>

## MGA PAMAMARAAN NG PAGSASALIN

Ang mga sumusunod ay mga pamamaraan ng pagsasalin na nabanggit ni Wilfreda P. Jorge-Legaspi batay sa aklat ni Newmark<sup>14</sup>  
Ang iba rito ito ay magkahawig at maaaring lipunin ayon sa kanilang pagkakaugnay:

### 1. *Adapsyon at Naturalisasyon:*

Ang *Adapsyon* ay ang paglipat ng mga kultural na salita sa pinagmulang wika nang walang pagbabago sa baybay. Mahalaga ito, lalo na sa mga salitang tanging sa kultura lamang ng pinagmulang wika makikita. Hal: party - party. Samantala, sa *Naturalisasyon*, ginagamit muna ang normal na pagbigkas bago ang normal na morpolohiyang target na wika. Sa madaling salita, inaayon ito sa ortograpiya ng target na wika. Hal: organization – organisasyon. Malinaw ang pagkahawig ng pagbigkas ng dalawang halimbawa, ngunit sa adapsyon, hindi nabago ang baybay ng salitang *party*, samantalang sa *organization*, naging s ang z at naging sy naman ang *ti*.

**2. *Isahang Pagtutumbas, Leksikal na Kasingkahulugan, Komponensyal na Analisis.*** Ang tatlong ito ay parehong tinutumbasan ang bawat salita, ngunit may pagkakaiba pa rin sa gamit. Sa *Isahang Pagtutumbas*, isinasalin na may isa-isang pagtutumbas ang salita sa salita, parirala sa parirala, sugnay sa sugnay, o pangungusap sa pangungusap. Hal: French - un beau fleur; English - a beautiful flower; Filipino - isang magandang bulaklak. Sa *Leksikal na Kasingkahulugan*, ibinigay ang malapit na katumbas na angkop na kasing-kahulugan sa target na wika ng pinagmulang wika. Hal: old house - antigong bahay. Samantala, sa *Komponensyal na Analisis*, hinahati ang mga leksikal na yunit sa mga makabuluhang bahagi. Hal: That / big / house / in the / corner / belongs / to / Nenita.

lyang / malaking / bahay / sa / kanto / ay / kay / Nenita.

Sa lupong ito, malinaw na salita-sa-salita ang paraan ng pagsasalin, bagama't may pagkakaiba sa haba at kahulugan ng mga salitang isinalin.

### 3. *Saling Hiram / Transposisyon at Kinikilalang Salin.*

Ang *Saling Hiram* ay ginagamit sa pagtutumbas ng karaniwang dalawa o higit pa sa dalawang mga salita na natural na nagsasama. Ito ay maaaring pangalan ng organisasyon o kaya'y institusyonal na salita. Hal: brainwashing – paghuhugas-isip. Ang *Transposisyon* naman ay may pagbabago sa balarila ng pinagmulang wika kapag isinalin na sa target na wika. Hal: old house - antigong bahay. Samantala, ang *Kinikilalang Salin* ay ang pamamaraan ng pagsasalin na opisyal at tinatanggap na salin ng anumang institusyonal na termino. Hal.

<sup>13</sup> Hinati niya ang mga metodo ng pagsasalin: Una, ang pinagmulang wika o isinasaling wika ang binigyang-diin. Pangalawa, ang pinagsalinang wika o target na wika naman ang binigyang-halaga. Iminungkahi niya na sa una (ang pinagmulang wika ang binigyang-diin), ang salita-sa-salitang pagsasalin, literal na pagsasalin, matapat na pagsasalin, semantikong salin ang nababagay. Sa pangalawa naman (ang pinagsasalinang wika ang binigyang diin), ang adapsyon, malayang salin, idiomatikong salin at komunikatibong salin naman ang nababagay.

<sup>14</sup>Jorge-Legaspi, *Isang Pagsusuri*, 45-54. May iba pang mga pamamaraan ng pagsasalin na napuna ni Jorge-Legaspi na ginamit ni Carpio. Makikita ang mga ito sa smp. 55-56. Nagbigay naman ng apat na kategorya ng Pagsasalin si Patrocinio Villafrute, *Introduksyon sa Pagsasalang-Wika*, 117-118.

doctor's prescription - reseta ng doktor (ang *doctor* ay naging *doktor* ngunit ang *prescription* ay naging *reseta* at hindi *preskripsyon*). Kapansin-pansin na bagama't may pagkakaiba ang tatlong pamamaraang ito, mapupuna rin na parehong nabago ang anyo ng salin at parehong diwa ang isinalin dito.

**4. Modulasyon** at ang **Kultural na Katumbas**. Ang *Modulasyon* ay pamamaraan ng pagsasalin na may iba't-ibang pananaw sa pagbibigay-kahulugan. Hal. save - pagtitipid (ekonomiya); save - pagliligtas (relihiyon); save pag-iingat (kalikasan). Ang *Kultural na Katumbas* naman ay ang pagsasalin kung saan ang isang kultural na salita sa pinanggalingang wika ay isinasalin sa katimbang din na kultural na salita sa target na wika o layon. Hal: American – supper; English – Dinner; Filipino – Hapunan.

Sa dalawang pamamaraang ito, ang salin ay nababago ayon sa dalawang pananaw. Una, ayon sa pananaw ng paggamit ng wikang pinagsalinan, at pangalawa, ayon sa konteksto ng kultura ng pinagsalinang wika.

**5. Panksyunal na Katumbas** at ang **Amplipikasyon**. Ang *Panksyunal na Katumbas* ay ang pagsasalin na ibinibigay ang higit na gamitin at tinatanggap na katumbas o kahulugan. Hal. forever - magpakailanman (sa halip na hanggang sa walang hanggan) Samantala, ang *Amplipikasyon* naman ay ang pagbibigay ng katumbas na kahulugan sa pamamagitan ng depinisyon na naglalarawan. Hal. rake-kalaykay; orphanage bahay-ampunan

**6. Pagdaragdag, Pagpapaikli, Hawig, Kompensasyon, Pagpapabuti at Kuplets**. Ang *Pagdaragdag* ay nagbibigay ng pambalarilang karagdagan ng salita sa salin, upang maging mas malinaw ang kahulugan nito.  
Hal. You've got no companion? I have! I have!  
Wala kang kasama? May kasama ako! May kasama ako!

Ang *Pagpapaikli* naman ay ang pagbabawas ng mga salita na hindi nababago o nasisira ang kahulugan ng orihinal. Hal: I'll go to the doctor tomorrow - Magpapagamot ako bukas. *Hawig* naman ang tawag sa malayang pagpapaliwanag sa kahulugan ng isang bahagi ng pangungusap o talata. Hal: The Church recognizes the role of governments and of the international community to study and to face with responsibility the population problem in the context of and with a view to the common good of individual nations and of all humanity.<sup>15</sup> (*Populorum Progressio*, 37).

Salin: Kinikilala ng Simbahan ang papel na ginagampanan ng gobyerno at ng pandaigdigang komunidad sa pag-aaral at pagharap nang may pananagutan at pananaw sa pangkalahatang kapakanan ng bawat bansa at ng sangkatauhan.

Ang *Kompensasyon* naman ay ginagamit kapag ang pagkawala ng kahulugan ng isang bahagi ng parirala, pangungusap o talata ay natutumbasan sa ibang bahagi. Nangyayari ito kapag ipaghahalimbawang may ikinaltas na salita sa isang pangungusap sapagkat ang kahulugan nito ay nabanggit na sa nauunang pangungusap. Hal. Are you coming home? - Uuwi ka ba?

Ang *Pagpapabuti* ay pagwawasto ng pambalarila o taypograpikal na pagkakamali sa orihinal na teksto, kaya't walang mali sa saling teksto.

Hal. I saw the sanitary of the mayor when I went to the municipal hall.  
Nakita ko ang sekretarya ni meyor pagpunta ko sa munisipyo.

Samantala, ang *Kuplets* naman ay ang pagsasalin na pinagsama-sama ang paggamit ng dalawa, tatlo, o higit pa sa mga pamamaraang nabanggit.

Hal: Marina and Edmund went home early. They will watch the concert of Gary V. at Meralco Theater.

Umuwi nang maaga sina Marina at Edmund. Manonood sila ng konsert ni Gary V. sa Meralco Theater.

---

<sup>15</sup>Sinabi ni Juan Pablo II noong Hunyo 7, kay Rafael M. Solos, kalihim heneral ng International Conference on Population, 1984. Ang talatang ito ay batay sa *Populorum Progressio*, 37, at binanggit muli ni Vitaliano R. Gorospe, S.J. sa kanyang aklat, *Filipino Values Revisited* (Manila: National Book Store, 1988), 357-358.

Mapupuna dito ang paggamit ng tatlong pamamaraan ng pagsasalin. Ang *concert* ay naging *konsert (naturalisasyon)*, samantalang ang Meralco Theater ay ginamit na walang pagbabago sa baybay nito (*adapsyon*). Nagkaroon din ng pagbabago ang balarila ng pangungusap (*transposisyon*). Bukod sa mga nabanggit nang mga pamamaraan na ibinatay kay Newmark, may napuna rin si Jorge-Legaspi na iba pang mga pamamaraang ginamit ni Rustica Carpio sa kanyang pagsasalin. Ito ang mga sumusunod:<sup>16</sup>

1. *Substitusyon*-ang pagpapalit ng salita sa salin upang:
  - (i) maiwasan ang pag-uulit ng mga salita na maaaring nakakasawang pakinggan.
  - (ii) maging tiyak at hindi nakalilito ang pahayag.
  - (iii) maging higit na idiomatiko at natural ang pahayag.
  - (iv) hindi magkaroon ng iba pang pakahulugan.
  - (v) umangkop sa kultura ng wikang pinagsalinan.
2. *Delisyon*-Ang pagkaltas ng salita sa salin na hindi mababago o masisira ang kahulugan
3. *Transpormasyon*-Ang pagsasaayos ng istruktura ng Orihinal na Teksto (OT) bago isalin sa Target na Wika (TW). Ginagamit ito kapag may nakalilitong pahayag ang OT.
4. *Splitting o Paghihiwalay*-Ginagamit ito kapag may mahahabang pangungusap na nakakasalimuot. Pinuputol o hinahati ang pangungusap na mahahaba.
5. *Pagpapalit ng Panahunan ng Pandiwa*-ang pambalarilang paggamit ng ibang aspekto ng pandiwa na hindi nasisira o nababago ang kahulugan.

Malinaw naman na ang mga kahulugan ng mga pamamaraang ito ay naipahayag na rin ng kanilang mga pangalan maliban sa *Transpormasyon*.<sup>17</sup> Sa nailahad na mga pamamaraan ng pagsasalin, binigyang-diin ng pagsusuring ito ang unang hati ng pamamaraang binanggit ni Newmark - na kung saan ang salita-sa-salitang salin o literal na salin, matapat na salin o semantikong salin ang nababagay.<sup>18</sup>

## PANGKASAYSAYANG KALAGAYAN NG AWIT 24

Ang **Awit 24** ay kabilang sa isang daan at limampung Awit (150) na matatagpuan sa Matandang Tipan. Ito ay pinaniniwalaang kasama sa mga inilarawang mga Awit Panliturhiya.<sup>19</sup> Marami ring mga dalubhasang nagsasabi na ang Awit na ito ay dinadalangin ng mga Israelita habang sila ay naglalakbay patungong Templo kaya ito'y tinatawag ding *Awit ng mga Manlalakbay* o *Awit ng Pagprusisyon*.<sup>20</sup> Ayon naman sa iba, ang orihinal na kalagayan nito ay

<sup>16</sup>Jorge-Legaspi, *Isang Pagsusuri*, 55-56.

<sup>17</sup>Hal. Lucy's doll's golden hair. Transpormasyon: the golden hair of the doll of Lucy Salin: ang ginintuang buhok ng manyika ni Lucy

<sup>18</sup>Peter Newmark, *A Text Book of Translation*, 45.

<sup>19</sup>Kraus, *Psalms 24*, sa *EBC*, bol. 1, 219; Mitchel Dahood, *Psalms 24*, sa *Psalms 1 (1-50)* sa Anchor Bible Series, bol. XVI, pgtn. William Foxwell Albright at Noel Freedman, pambungad ni Mitchell Dahood (Garden City: Doubleday and Company, Inc., 1966), 150-153; Dahood, *Psalms 1: Introducing the Psalms* (Edinburgh: T & T Clark LTD, wbt.), 102.

<sup>20</sup>John H. Hayes, *Psalms*, Old Testament Form Criticism (Trinity Universtiy Monograph Series on Religion 2 San Antonio, wbt.), 210-211; Clifford, S.J., *Psalms 1-72*, p. 27; Seybold, *Introducing the Psalms*, 132; Stuhlmueller, C. P., *Psalms 1*, Pgtn. Martin McNamara, The Old Testament Message Series, bol XXI. Wilmington: Michael Glazier Incorporated, 1983. 144.

ang pagprusisyon ng Arko sa Tradisyon ni David.<sup>21</sup> Binanggit naman ni George A. F. Knight na ang Awit na ito ay nilikha noong mahigit na tatlong libong taon na ang nakalipas. Maaaring nag-umpisa raw ito bilang awit na ginagamit sa prusisyon ng mga pari at mga tao, habang ang Arko ng Tipan ay dinadala nila sa santwaryo sa taunang pagdiriwang.<sup>22</sup>

Dahil sa kahalagahan ng **Awit 24**, maraming mananaliksik ang nagnanais na unghatin at pag-aralan ang kasaysayan nito, ngunit hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin sila nagka-kasundo tungkol sa pangkasaysayang kalagayan ng nasabing Awit.<sup>23</sup> Nananatili pa ring pinagtatalunan hanggang sa kasalukuyan kung anong kapistahan ng Israel nakabilang ang pagdadala ng Arko sa Santwaryo.<sup>24</sup> Sa kabila ng maraming kuru-kuro tungkol dito, idiniin ni Kraus na ang Awit na ito ay nabilang sa panahong bago pinalayas ang mga taga-Israel.<sup>25</sup> May pananaw na ang parunggit na ito ay hindi sapat upang magpapatunay sa pangyayaring ito.

Hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring katiyakan ang paliwanag tungkol sa pang-kasaysayang kalagayan ng **Awit 24**. Ang mahalaga, ang mga dalubhasa ay nagkakaisa sa paniniwalang ang Awit na ito ay ginagamit sa panliturhiyang pagdiriwang ng mga Israelita habang sila ay nagpuprusisyon papasok sa Templo, dala-dala ang Arko ng Tipan, upang bigyan ng parangal ang pagiging hari ni YHWH na kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Hanggang sa ngayon, ito ay inaawit pa rin at binibigkas ng Sambayanang Kristiyano sa unang araw ng bawat Linggo.<sup>26</sup>

#### **SINO BA ANG LUMIKHA NG AWIT 24?**

Ayon sa puna ng Midrash Schoker Tov, sinabi ni Rav Samuel na ang Awit na ito ay nilikha ni Haring David, kabilang ng apat pang mga Awit na karapat-dapat na naisulat ni Adan. Ito ay nilikha raw noong araw nang si David ay bumili ng lupa sa pook ng Templo mula kay Aravna na isang Jebuseo. Nang panahong iyon, nagpatayo si David ng isang pansamantalang altar kung saan siya ay nag-aalay ng mga sakripisyo at pasasalamat (2 Sam. 24:18-25).<sup>27</sup> Maraming naniniwalang mayroong pitumpu't-tatlong Awit na nauukol kay David at ito'y naka-sulat sa pamagat na MGA AWIT. Sa katunayan, hanggang sa kasalukuyan, ito pa rin ang paniniwala ng mga bagong pagsusuri tungkol sa paksang ito.<sup>28</sup> Ayon naman sa ibang opinyon, ang panimulang dwd"l. *Lê David* ay hindi nangangailangang magpahiwatig ng

---

<sup>21</sup> Gerstenberger, Erhard S.. *Psalms with an Introduction to Cultic Poetry*. The Forms of Old Testament Literature, bol. XIV (Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1988, nil. mul. 1991), 118. Ibinatay niya ito sa 2 Samuel 6 at Awit 132.

<sup>22</sup> George A. F Knight, *Psalms. The Daily Bible Series* (Philadelphia: Westminster Press, 1982) 119.

<sup>23</sup> Kraus, *Psalms 24*, sa EBC, 219.

<sup>24</sup> Kraus, *Psalms 24*, sa Psalms 1, 312.

<sup>25</sup> Kraus, *Psalms 24*, sa EBC, 219.

<sup>26</sup> Nahum Sarna, *On the Book Of Psalms. Understanding Genesis* (The Heritage of Biblical Israel, New York: Schocken Books, 1966), 121; Knight, *Psalms 1*, 119.

<sup>27</sup> Avrohom Chaim Feuer, *Tehillim [Psalms]. A New Translation with a Commentary Anthologized from Talmudic, Midrashic, and Rabbinic Sources*. Isln. sa tulong nina Rabbi Nosson Sherman at Rabbi Meir Zlotowitz, pang. pg. (The ArtScroll Torah Series. Bol. 1, sa 2 bol.. New York: Mesorah Publications, Ltd., 1995), 295.

<sup>28</sup> Mark A. Copeland, *Psalms and the Christian: Background Materials On The Psalms, Christian Classics Ethereal Library at Calvin College* (Feb. 2001), p. 1, On-line, The Executive Online Series, [http://www.ccel.org-contrib/exec\\_outlines/ps/ps/ps/html](http://www.ccel.org-contrib/exec_outlines/ps/ps/ps/html)., Hunyo 11, 2001.

pagiging may-akda nito, ngunit maaaring ito'y koleksyon o lupon. Hanggang sa kasalukuyan, ang pagiging may-akda ni David sa ilang mga Awit ay hindi pa rin natitiyak.<sup>29</sup>

Binanggit din ng maraming dalubhasa na si David nga ang lumikha nito dahil sa kanyang superskripsyong rmzm dwd". *Là avid Mizmor* kung saan pinaniniwalaang ang lahat ng mga Awit na may ganitong superskripsyon ay nilikha nga ni Haring David o di kaya'y siya nga ang bumigkas nito. Dinagdag din ni Doug Goins na ang superskripsyong ito ng **Awit 24** ay nagsasaad na ito ay Awit ni David, hari ng Israel. Ayon sa kanya, sinulat ni David ang Awit na ito noong panahong siya ay naghirap sa pagsisikap na maibalik ang Arko ng Tipan sa syudad ng Jerusalem.<sup>30</sup>

### SAAN NAKABILANG ANG AWIT 24?

Ang mga Awit ay nahahati sa iba't-ibang pagbubuklod. Kadalasan, ang pagbubuklod na ito ay nakabatay sa tema o nilalaman ng mga Awit. Ang mga temang madalas pinagbabatayan ay tungkol sa **Pagpupuri**, **Pasasalamat**, **Pagdadalamhati** at **Pagsusumamo**.<sup>31</sup> Ang mga **Awit ng Pagpupuri** ay kadalasang nagbubukas sa salita ng namumuno, naghihikayat sa pangkat na umawit, magbunyi at magpuri sa masayang tunog. Ang kadalasang paksa nito ay tungkol sa pangyayari sa kasaysayan at kalikasan. Ang mga Awit na ito ay naipakilala sa pamamagitan ng pag-awit at pagtugtog ng mga instrumentong pangmusiko. Ang mga halimbawa nito ay mga Awit 47 at 149-150.<sup>32</sup>

Ang mga **Awit Pasasalamat** ay kaugnay sa **Awit ng Pagpupuri**. Ayon kay Claus Wes-termann, walang salita sa WH na katumbas sa pasasalamat. Ang salitang Ingles ay salin sa salitang Hebreo na hdto *todah*, ibig sabihin, *pagpupuri*. Binanggit niya na ang **Awit Pasasalamat** ay naglalayon na maitatak sa mga sumasaksi ang pagbibigay ng pasasalamat sa kagandahang-loob ng Panginoon. Ang mga Awit na kabilang dito ay nagsilbing tugon sa pagligtas na ipinadama sa kanila ng Panginoon. Ang mga halimbawa ng **Awit Pasasalamat** ay Awit 10:1-13, 30; 32; 40:2-11; 41; 66:13-20.<sup>33</sup> Kadalasan namang nag-uumpisa ang mga **Awit Pagdadalamhati** sa sigaw na humihingi ng tulong at sa paglalarawan ng paghihirap at

<sup>29</sup>Anicia Co, *Psalms and Wisdom*, Lecture, Institute of Formation and Religious Studies, 1996, 16.

<sup>30</sup>Doug Goins, *A Song of Triumph*, Palo Alto, CA: Discovery Publishing/Peninsula Bible Church. Katalog blg. 4430 (Abril, 1995. Inayos, Oktubre 21, 2000), On-line, <http://www.pbc.org/dp/goind/> 4430.html., Hunyo 7, 2001, 1.

<sup>31</sup>Sa kasalukuyan, ang paghahating ito ang madalas nababanggit sa mga panalangin. Tingnan sa Daughters of Charity Seminary sisters, *The Worshipping Community*, vii-ix, hpns.. Marami pa ang naging batayan ng pagbubuklod ng mga Awit. Para kay R. Murphy, nahahati ito ayon sa anyong pampanitikan at sa nilalaman, ayon sa inihayag ni Co sa kanyang nabanggit nang gabay. Ibinuklod naman ni Seybold ang Mga Awit ng Sion at Mga Awit Pantrono kasama sa Mga Awit Pagpupuri sa kanyang aklat na *Introducing the Psalms*. Pinahahalagahan din ni E. S. Gertenberger, *Psalms1*, ang anim na uri ng pangkultong panulaan. Si Hermann Gunkel naman ang may madetalyeng paliwanag tungkol sa paksang ito. Tingnan ang kanyang aklat, *Introduction to Psalms*, 22-65. Ipinahayag nito na bago maibuklod ang mga Awit, kinakailangang tingnan ang ilang batayan. Bagama't hindi lahat sumang-ayon sa kanyang kuru-kuro, ang kanyang pinagbatayang *Gattung* o *uri* ang siya pa ring kadalasang kinikilala hanggang sa kasalukuyan.

<sup>32</sup>Tingnan ang madetalyeng paliwanag ni Gunkel, nab. sang., 22-65; Basahin din ang Co, *Psalms and Wisdom*, 23, kaugnay sa paksang ito.

<sup>33</sup>Para kay Westermann, may dalawang uri lamang ng pagbubuklod ng mga Awit - ang Awit Pagpupuri at Awit Pagdadalamhati. Claus Westermann, *The Psalms. Structure, Content and Meaning*. (Minneapolis: Augsburg, 1980). Ang mga ito ay nahahati sa pang-indibidwal at pansambayanan; Basahin din ang maikling paliwanag ni Co tungkol dito, *Notes on Psalms and Wisdom*, 23.

hinagpis ng isang taong nais mailigtas. May mga pagsusumamo sa Diyos na may kasamang kadahilanan kung bakit kailangan ng Panginoon na mamamagitan. Ilan sa mga halimbawa rito ay mga Awit 44; 60; 74; 79; 80; 83; 85; 89; 90; 123.<sup>34</sup>

Bukod sa mga pagbubuklod na binanggit, may tinatawag ding **Mga Awit ng Sion**. Ang mga Awit na ito ay nagtataglay ng papuri na naglalarawan ng Jerusalem. Pinili ng Panginoon bilang kanyang tirahan dito sa lupa ang siyudad ng Sion.<sup>35</sup> Mayroon ding mga Awit na nakabilang sa mga temang **Pangkarunungan**, **Pang-makahari** at **Panliturhiya**. Ang mga **Awit Pangkarunungan** ay nagsaad ng temang Pangkarunungan at naglalarawan ng buhay ng tao. Gayundin, ang mga **Awit Pangkaharian** ay tumutukoy sa kasaysayan ng mga Hari ng kanilang panahon. Ang mga Awit na ginagamit bilang panalangin habang nasa prusisyon ay tinatawag na mga **Awit Panliturhiya** dahil ang mga ito ay nagtataglay ng mga taludtod na naglalarawan ng ilang gawaing panliturhiya. Maraming dalubhasa ang nagsasabi na ang **Awit 24** ay kabilang dito. Ang iba pang mga halimbawa sa pagbubuklod na ito ay mga Awit 15; 33:2-3; 34:4 atbp.<sup>36</sup>

Sa Taludtod 2, mapapansin ang pagpapahalaga ng pagkahari ni YHWH. Nabanggit ni Klaus Seybold na may impluwensya ito sa mga Awit na nakabilang sa pang-haring lupon.<sup>37</sup> Ayon sa kanya, si YHWH ay nanggaling sa titulong *hari ng mga diyos* mula sa pinakamataas na Diyos (la 'el) ng mga taga-Canaan. Ang larawang ito ay nakaugat sa kulto ng mga templo bago sila pinatalsik sa kanilang mga bayan at ito'y nagiging batayan ng maaaring paglago na mababakas sa sulat ng mga propeta ng panahon ng pagkataliksik, katulad ng Deutero-Isaias at mga tulang kinikilalang **Awit ng Mga Hari**. (Awit 29, 47, 93-99).

Ganyan nga kayaman ang tema ng Awit na ito. Bagama't ang tatlong bahagi ay may iba't-ibang sukat, anyo, kalagayan, at mga nilalaman, ngunit ang panliturhiyang rito kung saan ang Awit na ito ay inihanda ang nagsaklaw ng pagkakaiba ng mga bahagi nito.<sup>38</sup> Tama nga si Gerstenberger sa pagtawag niya nitong **Pambungad na Liturhiya**.<sup>39</sup>

#### **ANG BALANGKAS NG AWIT 24**

Sa dami ng mga pag-aaral na ginawa ng mga dalubhasa tungkol sa **Awit 24**, halos magkahawig ang ginawa nilang pagbabalangkas nito. Hinati nila ang mga bahagi na ayon sa tema ng Awit. Kadalasan, ganito ang nagiging anyo nito.<sup>40</sup>

<sup>34</sup>Tingnan ang madetalyeng paliwanag ni Gunkel, Introduction to Psalms, 22-65.

<sup>35</sup>Tingnan ang talb. 237, p. 84 ng buong tikha, Martha Gamolo, dc, *Awit 24: Pagsasalin Mula sa Batayang Teksto ng Wikang Hebreo Tungo sa Wikang Filipino*. Isang Tikhang Iniharap sa Kaguruan ng Institute of Formation and Religious Studies, Marso, 2004.

<sup>36</sup>Ayon kay Stuhlmuehler ang Awit na ito ay nilikha para sa isang mataimtim na prusisyon. Tingnan din sa J. Clinton McCann, Jr., *Psalms 24*, sa The New Interpreters' Bible, A Commentary in 12 Volumes, bol. IV, Leander Keck, pang. pgt. (Nashville: Abingdon Press, 1996), 772-773.

<sup>37</sup>Tingnan ang paliwanag ni Seybold, Introducing the Psalms, 136.

<sup>38</sup>Hans-Winfried Jungling, S. J., *Psalms 24*, sa International Bible Commentary, A Catholic Commentary for the Twenty-First Century, pgtn. William Farmer (Collegeville, Minnesota: The Liturgical Press, 1998, nil. mul., Quezon City: Claretian Publications, 2001), 131.

<sup>39</sup>Gerstenberger, Psalms with an Introduction, 119.

<sup>40</sup>Kraus, *Psalms 24*, sa EBC, 219-224; Jungling, *Psalms 24*, sa IBC, 130-133; Mays, Interpretation, 119-124; Kraus, *Psalms 24*, Psalms 1, 311-316; Westermann, The Living Psalms. Islm. J. R. Porter. Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Co., 1989), 277-278; Clifford, Psalms 1-72, Collegeville Biblical Commentary (Collegeville: Liturgical Press, 1985-1986). 27-28; Knight, Psalms 1, 120-121.

- I. (1-2), Ipinakilala si YHWH bilang *Diyos na Maylikha* o *Haring Maylikha*  
 II. (3-6), Ang pag-akyat sa Bundok ng Panginoon kung saan inilatag ang mga katangian ng mga taong nararapat pumasok sa Templo.  
 III. (7-10), Ipinakilala si YHWH bilang Hari na malakas at matapang sa digmaan.

Samantala, may ilan ding mga may-akda na hinati naman ang balangkas ng Awit na ito ayon sa anyo, bukod pa sa tema nito.<sup>41</sup> Matiyagang binusisi ni Gerstenberger ang balangkas ng **Awit 24**.<sup>42</sup> Binalangkas niya ito sa apat na bahagi at sinunod niya ang ayos ng bilang ayon sa teksto ng *Masorah*.<sup>43</sup> Sa pagsusuring ito, ipinasiya ng mananaliksik na gamitin ang paraan ni Gerstenberger dahil ito ay mas detalye at mas simple, at sinunod din nito ang mga bilang ng Masorah ayon sa nabanggit sa mga naunang talata. Sa palagay ng mananaliksik, higit itong maka-tutulong sa pag-aaral ng sinusuring Awit. Ipinasiya rin niya na ipakita ang balangkas na ipinahayag,<sup>44</sup> kasabay ng mga bersyon ng mga salin na ginamit sa pagsusuri.

#### ANG BALANGKAS NG AWIT 24 (Batay kay Erhard S. Gerstenberger)

I. Pinakapamagat	(1a)
11. Pahayag ng Pagkamay-ari	(1b-2)
111. Tagubilin ng Torah	(3-6)
a) Pagtatanong ng mga Manlalakbay	3
b) Makaparing Tugon	
1. Listahan ng mga Pamantayan	4
2. Pangako	5
3. Pansimbahang Sukatan	6
1V. Usapan sa Tarangkahan	(7-10)
a) Unang Tagpo	
1. Masidhing Paghikayat	7
2. Tanong	8a
3. Tugon	8b-k
b) Ikalawang Tagpo	
1. Masighing Paghikayat	9
2. Tanong	10a
3. Tugon	10b

Sa ipinakitang talaan, mapapansin na ginawang unang bahagi ng may-akda ang pinakapamagat o superskripsyon. Nangangahulungang pinahahalagahan niya ito. Sa tatlong salin, ang ABB lang ang sumunod dito. Kung titingnang mabuti, sinunod nito ang orihinal na

<sup>41</sup>James E. Doerfel, *Psalm 24: A Resurrection Hymn*, 1, E-mail, jedoerfel@two-age-two-age.org, Enero 23, 2004. Tingnan ang kanilang pagbabalangkas gayundin ang iba't-ibang uri ng pagkabalalay na nakita nila Jared R. Demke at Scott Vanatter, *Psalm 24, Davidic Chiasmus and Parallelism* (1998), 1-2, E-mail, vanatter@geocities, Hunyo 7, 2001.

<sup>42</sup>Gerstenberger, *Psalms with an Introduction*, 117.

<sup>43</sup>Ang *Masorah* ang pinakaunang pamamaraan ng paglapat ng mga bilang sa Banal na Kasulatan sa WH. Tingnan din ang Page Kelley; Daniel S. Myrnat at Timothy Crawford, *The Masorah of Biblia Hebraica Stuttgartensia* (Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1998), xi.

<sup>44</sup>Gerstenberger, *Psalms with an Introduction*, 117.

ayos sa orihinal na teksto sa WH.<sup>45</sup> Mula sa Taludtod 1b hanggang sa Taludtod 2, ang paksa ng Awit<sup>46</sup> ay si YHWH na maylikha at may-ari ng daigdig. Ang bahaging ito ay pinamagatan niyang Pahayag ng Pagkamay-ari. Ang mga taludtod na ito ay nagsasaad ng matapat na pahayag tungkol kay YHWH bilang Diyos ng kalawakan. Siya ang maylikha at may-ari ng lahat. Gayundin, tumutukoy ang pag-aaring ito sa lahat ng nasa daigdig at sa lahat ng naninirahan dito.<sup>47</sup>

Ang ikatlong bahagi ay pinamagatan niyang Tagubilin ng Torah.<sup>48</sup> Sa bahaging ito, nabaling ang pansin sa mga tao at isa-isa itong ipinakilala. Sa Taludtod 3, tinanong kung sino ang makaaahon sa burol ni YHWH o ng Panginoon, at pinangalanan niya itong Pagtatanong ng mga Manlalakbay. Pinangalanan naman niya ang mga Taludtod 4-6 ng Makaparing Tugon, dahil sinagot dito ang katanungan sa Taludtod 3. Sa Taludtod 4, inilatag ang mga katangian ng mga taong karapat-dapat umahon sa bundok ng Panginoon. Ipinalagay niya ang mga ito bilang Listahan ng Pamantayan kung saan ito ay nakagawiang gamitin sa pagsusuri ng nararapat na tao.<sup>49</sup>

Ang Taludtod 5 ay nangako sa biyaya ni YHWH. Mula sa kawang-gawang katarungan ng Diyos, umaapaw ang masaganang biyaya na binibigay niya sa mga makatarungan.<sup>50</sup> Samantala, tumutukoy ang Taludtod 6 sa mga nananampalataya. Ang lahat ng mga matutuwid kung gayon ay tunay ngang mga supling ni Jacob. Ang lumikha ng Awit ay bumalik sa katangian ng mga tumatanggap sa biyaya ng Diyos.

Sa mga Taludtod 7-10, ipinahayag ang pagpasok ng mga manlalakbay sa Templo. Ayon kay Samuel Terrien, ang paanyaya ay hindi lamang para sa lahi ni Jacob at angkan ni Abraham, ngunit pati na rin ang idelohikal na Israel sa katapusang panahon. Tatanggapin

dito ang lahat ng bansa ng daigdig. Diniin din niya na sa bahaging ito hindi naman ang mga manlalakbay ang papasok, kundi, ang hari ng kaluwalhatian. Tinanggap dito ang Diyos na matagumpay. Kaya ipinahayag ng mang-aawit sa matatandang pintuang animo'y buhay na tumaas, at dagdagan pa ang pagtaas ng kanilang mga ulo upang makaabot ng lalakhan na babagay sa banal na pagpaparantal.<sup>51</sup> Sa ipinakitang balangkas, hinati ito Gerstenberger sa dalawang bahagi: ang unang pag-ikot, at ikalawang pag-ikot kung saan, malinaw na ipinakita ang pagkahawig ng anyo ng bawat bahagiang masidhing Paghihikayat, (7, 9); Tanong (8a,10a) at Tugon, (8b, 10b-k).

---

<sup>45</sup>Tingnan din ang paliwanag sa *Psalm 24:1*, ~ybwtkw ~yaybn hrwt rps [Sefer Torah Nəbi'm wə Ketubi'm], pgt. Norman Henry Snaith (London: The British and Foreign Bible Society, 1958), 962.

<sup>46</sup>Tingnan ang balangkas sa naunang bahagi.

<sup>47</sup>Mays, *Interpretation, A Bible Commentary for Preaching and Teaching* (Louisville: John Knox Press, 1994), 120.

<sup>48</sup>Kraus, *Psalm 24*, sa EBC, 313.

<sup>49</sup>Gerstenberger, *Psalms with an Introduction*, 118.

<sup>50</sup>Dahood, *Psalm 24, Psalms 1*, 151.

<sup>51</sup>Samuel Terrien, *The Psalms, Strophic Structures and Theological Commentary* (Grand Rapids, Michigan/ Cambridge/ UK: William B. Eerdmans Publishing Company, 2003), 248-249. Tingnan din ang dagdag na pahayag na kaugnay nito sa Stuhlmüller, *Psalms 1*, 156. Binanggit niya na ang wikang pangmilitar ay hinango sa unang tradisyon tungkol kay YHWH na mandirigma na tumalo sa mga kaaway ng Israel at nagdala ng mga tao mula sa Ehipto, sa daan ng disyerto tungo sa Lupang Pangako.

## HALIMBAWA SA SALITA SA SALITANG SALIN

### Taludtod 1

ABB	BSP	MBB	BHS
Isang Salmo ni David			rAmz>mi dwID"l.
Sa Panginoon ang lupa at tanang naroroon, ang daigdig at lahat ng nagsisitahan doon	Sa Panginoon ang lupa't kabuuan nito, ang daigdig at tanang naririto	Ang buong daigdig lahat ng naroroon, May-ari'y si Yahweh ating Panginoon	#r,a'h' hw"hy> >> 'Hb' ybev.yOw LbeT  Ha'Alm.W

rAmz>mi dwD"l *lā Dāvid mizmor*<sup>52</sup> Ang pariralang rAmz>mi dwID"l.... *lā Dāvid mizmor*<sup>53</sup> ay binubuo ng pang-ukol na l.... *lā*,<sup>54</sup> pangngalang pantanging dwID" *Dāvid*<sup>55</sup> at salitang rAmz>mi\ *mizmor*.<sup>56</sup> Katumbas ng l. *lā* sa WH ang pang-ukol na *sa* o *ng* sa WF. Maaari itong idugtong sa pangngalang pantangi katulad ng dwID" *Dāvid*, o sa pangngalang pambalana. Sa WF ang salin ng l. *lā* ay maaaring *sa* kung ito ay ukol sa pambalana o pangngalang pantangi, maliban kung ito ay pangngalang pantangi ng tao, kung saan ginagamit ang pang-ukol na *kay*.<sup>57</sup>

Sa tatlong salin, ang ABB lamang ang may ganitong parirala. Mababasa sa salin nito ang *Isang Salmo ni David* bilang salin ng rAmz>mi dwID"l. *lā Dāvid mizmôr*. Mapapansin na hindi *kay* ang ginamit sa ABB, sa halip, gumamit ito ng panandang pawatas na *ni*,

<sup>52</sup>Tingnan ang paliwanag sa naunang bahagi ng pagsusuring ito.

<sup>53</sup>Tingnan ang paliwanag sa naunang bahagi ng pagsusuring ito.

<sup>54</sup>Hebrew-English Lexicon (London: Samuel Bagster and Sons, LTD, 1974), 131; Lambdin, Introduction to Biblical Hebrew (London: Darton Longman and Todd, 1988), 20, at sa ba. 'Glossary', sa pang-ukol na l.... *lā*, 322; David J. A. Clines, pgt., John Elwolde, pang. pgt., sa pang-ukol na l.... *lā*, The Dictionary of Classical Hebrew, bol. IV (Sheffield: Sheffield Academic Press, 1998), 478.

<sup>55</sup>Hebrew-English Lexicon, s. s. dwID' *Dāvid*, 58.

<sup>56</sup>Tingnan ang paliwanag sa naunang bahagi ng pagsusuring ito.

<sup>57</sup>Tingnan ang gamit ng *lā* sa pariralang dwID"l. *lā Dāvid*.

samantalang wala namang nakalagay na katumbas sa dalawa pang salin. Ayon sa maraming dalubhasa sa larangan ng Banal na Kasulatan, ang pariralang ito ang nagsilbing pinakapamagat ng **Awit 24**. Sa ibang aklat, tinatawag itong superskripsyon. Kung susundin ang ayos ng pariralang ito batay sa orihinal na Aklat, ito ay magiging: *Kay Dāvid, (Isang) Awit*.  
58

hw"hy>> **YHWH** **YHWH** ay isang natatanging pangngalan sa WH.<sup>59</sup> Ito ay pangalan ng Diyos na inihahayag sa Exo. 3:14. Ginagamit ng MBB ang *Yahweh* bilang salin ng hw"hy> **YHWH** sa WH. Samantala, ang ABB at BSP ay parehong gumagamit ng *Panginoon*. Ang katumbas ng *Panginoon* sa WH ay !do[ 'adon. Ang paggamit ng *Panginoon*, sa halip na *Yahweh* sa ABB at BSP, ay maaaring batay sa kaugalian ng mga Hudyo na hindi sambitin ang hw"hy>> **YHWH**, at sa tuwing makita ito sa Banal na Kasulatan, ang binibigkas nila ay yn;do[ adonai,<sup>60</sup> ibig sabihin sa WF, *aking Panginoon*. Ang MBB ay nagdagdag sa salitang *Yahweh* ng na *ating Panginoon*. Nais nitong linawin marahil kung sino si hwhy **YHWH**. Kaya't may tatlong paraan ng pagsasalin ng hwhy I. Iā **YHWH** sa pagsusuring ito:

- 1) *Kay Yahweh*
- 2) *Sa Panginoon*
- 3) *Kay Yahweh na ating Panginoon*

Ang salin 1 ay batay sa literal na pagsasalin. Ginagamit nito ang *naturalisasyon*. Ang salin 2 ay batay sa pangkultural na katumbas. Ang *Panginoon* ay ginagamit na sa kulturang Pilipino para sa Diyos. Ang salin 3 ay batay naman sa kuplet, ang pagsasabay ng dalawa o mahigit pang uri ng pagsasalin<sup>61</sup>.

---

<sup>58</sup>Ang superskripsyong ito ay nagpapahayag na isa ito sa mga ilang Awit na pinaniniwalaang si David nga ang kumatha. Bagama't walang katiyakan, may mga mananaliksik na naniniwalang siya nga ang lumikha nito. Ayon kay Hirsch, *Ang paunang salitang ito ay nagpapahayag na si David nga ang lumikha hindi upang iangat ang kanyang mababang espiritu sa banal na kataas-taasan kundi upang maipahayag niya ang kanyang maka-Diyos na damdamin*. Tingnan ang detalye sa Feuer, *Tehillim*, 296; Doug Goins, *A Song of Triumph*, 1. Mapapansin din ang salitang *isang* bilang pang-uring pambilang ng salitang *awit*. Sa WF, asiwang pakinggan ang *Kay David, Awit*. Kaya ipinasiya ng mananaliksik na dagdagan niya ng salitang *isang*. Ginamit dito ang pagsasalang *pagdaragdag*. Ang pagsulat nito sa loob ng panaklong ay batay sa nabanggit nang Tikha ni Dianzon, *Salaysay ng Paglikha*, 78.

<sup>59</sup>Lambdin, *Biblical Hebrew*, 20. Tingnan ang paliwanag tungkol sa Ringgren, Freedman, O'Con-nor, s. s. hwhy **YHWH**, *Theological Dictionary of the Old Testament*, bol. V, pgtn. Johannes G. Botterweck at Helmer Ringgren, isln. David E. Green (Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Com-pany, 1990), 500-521

Ipinahayag ni Freedman na ang hwhy **YHWH**, ay personal na Poon ni Moises at ang pinakatugmang pagbigkas nito ay nawala sa Tradisyon ng mga Hudyo noong mga unang panahon; Para sa mga Hudyo, mula noon hanggang sa kasalukuyan, hindi na nila ito binabanggit bilang pagpapahayag ng kanilang paggalang. Sa halip,

binibigkas nila ang unang pantig na *Yah*, o di kaya sa halip na hwhy **YHWH**, ginagamit nila ang salitang yn:do[ adonai.

<sup>60</sup>Eissfeldt, kaugnay s. s. hwhy **YHWH**, *TDOT*, bol. IV, pgtn. Johannes Botterweck at Helmer Ringgen, isln. David E. Green (Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1986), 59, amp.. Ayon kay Eissfeldt, ang yn:do[ adonai ay lumabas sa Matandang Tipan ng 449 na beses, 134 na beses itong ginagamit na hindi kaugnay kay hwhy **YHWH**, 62.

<sup>61</sup>Tingnan ang iba't-ibang pamamaraan ng pagsasalin na binanggit sa Jorge-Legaspi, *Isang Pagsusuri*, 40-41.

Ang salin 1, *Kay Yahweh* ay higit na angkop sapagkat mas malapit ito sa orihinal na wika. Maliban dito, madalas na rin itong ginagamit ng mga mambabasa at tanggap na rin naman ng karamihan. Ngunit sa halip na gamitin ang baybay na *Yahweh*, ginamit sa pagsusuring ito ang baybay na *YHWH* bilang pagbibigay-galang at pakikiisa sa kaugalian ng mga Hudyo.

**#r,a'h' hā'āres** Ang **#r,a'h' hā'āres** ay binubuo ng pantukoy na *h ha* at salitang **#r,a<'eres**.<sup>62</sup> Ang **#r,a<'eres** ay nangangahulugang *lupa* na kasalungat ng *langit*. Sa *lupa* nabubuhay ang mga tao, ang mga hayop ay gumagapang, ang mga halaman ay tumutubo, at ang ulan ay pumapatak.<sup>63</sup> Ngunit may ilang mga sanggunian ang nagsasalin ng **#r,a,, 'eres** bilang *daigdig* o *mga bansa*. Ang *daigdig* ay tumutukoy sa *lupa* na kasama na ang mga tumutubo rito, katulad ng mga halaman, mga hayop, at kabilang na rin dito ang mga taong naninirahan, habang ang mga *bansa* naman ay tumutukoy sa mga lupon ng mga tao, kasama na ang kultura ng bawat lupon.<sup>64</sup> Kaya, sa tatlong salita ang pinakabatayang katumbas ng **#r<a<'eres** sa kontekstong ito ay *lupa*. May kaugnayan ito sa Genesis 1:9-10, kung saan ipinahayag na hiniwalay ng Diyos ang tubig at pinagsama niya ito, at ang pook na hindi basa o ang pook na tuyo ay kanyang ring pinag sama.<sup>65</sup>

Sa tatlong salin, dalawa ang gumamit ng *lupa* bilang salin ng **#r,a, 'eres**, ang ABB at BSP, samantalang ginamit ng MBB ang salitang *daigdig*. Sa puntong ito, nais ipahayag ng mananaliksik ang kanyang pagsang-ayon sa salin na **#r,a, 'eres** ng dalawang bersyon, ang ABB at BSP. Naging batayan nito ang mga paliwanag tungkol sa *lupa* na nabanggit na. Mas higit na angkop ang *daigdig* na salin ng MBB sa **#r,a<'eres** bilang salin ng *lbeeEte tēbēl*. Makikita ang paliwanag tungkol dito sa susunod na mga parirala ng taludtod na ito.

**HawOooOOooOOOIm.W ūmlô'ah** Ang **HawOooOOooOOOIm.W ūmlô'ah** ay binubuo ng tatlong sangkap: ang pangatnig na *w> wð*, pangngalang *awOIm. mälô* at hulaping *H ah*. Ang pangatnig na *w> wð* ay nagiging **W ū** kapag kinakabit sa salitang nagsisimula sa titik na panlabi katulad ng *m m*. Ang katumbas nito sa *WF* ay *at*.<sup>66</sup> Ang

<sup>62</sup>Lambdin, s. s. **#r,a<'eres**, Biblical Hebrew, sa ba. 'Glossary', 8; Hebrew-English Lexicon, s.s. **#r,a<'eres**, 26. Tingnan din ang iba pang kahulugan ng salitang ito sa Elwolde, The Dictionary of Classical Hebrew, bol. I, s. s. **#r,a<'eres**, 384; Ottosson, s. s. **#r,a<'eres**, IDOT, bol. I, pgtn. Johannes Botterweck at Helmer Ringgen, isln. John T. Willis, bin. lim. (Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1977), 388-405; Basahin ang paliwanag sa Feuer, Tehillim, 296; Tingnan din ang Vito C. Santos at Luningning E. Santos, s. s. *earth-lupa*, New Vicassan's English-Pilipino Dictionary, pam., Andrew Gonzales, pau. sal., Jovito Salonga (Manila: National Book Store, 1995), 359.

<sup>63</sup>Jose Villa Panganiban, s. s. *lupa*, Diksyunaryo-Tesaurus. Pilipino-Ingles (Lungsod ng Quezon: Manlapaz Publishing Co., 1972), 668.

<sup>64</sup>Leo James English, C.Ss.R, s. s. *world-daigdig*, English-Tagalog Dictionary (Mandaluyong City: National Book Store/ Congregation of the Most Holy Redeemer,1997), 1201. Iniugnay din niya ang salitang *world* sa salitang *earth*.

<sup>65</sup>Tingnan ang paliwanag tungkol dito sa Dianzon, *Salaysay*, 60. Ipinaliwanag niya ang pagkakaugnay ng *hvBy yābāšāh* at **#r,a<'eres**. Tingnan ang larawang naghahayag ng pag-iisip ng mga tao noong unang panahon sa Sarna, Understanding Genesis, 5.

<sup>66</sup> Hebrew-English Lexicon, s. s. *w> wð*, 71; Ginamit din bilang pangatnig; M. I Segal, Hebrew-English Lexicon (Jerusalem: Ever, wbt.), 38; Lambdin, Biblical Hebrew, 6; Tingnan din ang gamit ng *at* sa *WF* sa Gonzales-Garcia, Makabagong Gramar, bin. lim. (Manila: Rex Book Store, 1999), 99.

awOIm. *mâlô'* ay pangngalang nangangahulugan ng *puno* o *kapunuan*. Kaugnay nito ang pandiwang alm *male'* na ang ibig sabihin ay *mapupunô, punuin*.<sup>67</sup> Ang *h ah* na nakasulat sa huling pantig ng salita sa WH ay kadalasang naghahayag na ang salitang kinakabitan nito ay nasa panauhing pambabae. Ang tuldok na nasa loob ng titik na *H ah* ay tinatawag na *vgD dāgeš*.<sup>68</sup> Sa WH, ang *H ah* na kinakabit sa huling pantig ng salitang-ugat ay katumbas ng pang-abay na paari.<sup>69</sup> Sa taludtod na ito, ginagamit ito bilang panghalip na paari na tumutukoy sa sali-tang *#r<a<'eres*. Sa WF, ang katumbas ng hulaping ito ay *nito*.<sup>70</sup>

Ang HawOOIm *mâlô'ah* ay may kaugnayan sa Deut. 33:16, *Ang pinakamainam sa lupa at lahat ng kasaganaan nito, at ng kagandahang-loob niyang nagpakita sa palompong... (ABB) at sa Is. 34:1, Magsilapit kayo, mga bansa at makinig; makinig kayo, mga bayan! Makinig ang lupa at ang lahat ng nananahan doon, ang sansinukob at lahat ng tumutubo roon* (Mic. 1:2; Mga Awit 50:12; 89:11). Tumutukoy ito sa lahat ng laman ng nilikhang daigdig.

Higit na malapit sa anyo ng orihinal ang salin ng BSP, *at kabuuan nito* kaysa sa mga salin ng ABB *at ang tanang naroroon* at ng MBB *lahat ng naroroon*. Gumagamit ang ABB ng salitang *tanang* na wala sa orihinal. Hindi matatagpuan ang salitang *IK kol*<sup>71</sup> na siyang katumbas nito sa WH sa unang taludtod ng orihinal na teksto. Ang MBB naman ay walang pangatnig na ginagamit sapagkat hindi nito sinunod ang pagkaayos ng pangungusap sa orihinal na teksto. Gayon pa man, ang salin ng BSP sa HawOIm *mâlô'ah ay kabuuan*. Kung susuriing mabuti, higit na angkop ang salitang *kapunuan* sa WF bilang salin ng HawOIm *mâlô'ah* kaysa sa kabuuan. Ang *kabuuan* ay nangangahulugang ganap, walang bawas,<sup>72</sup> hindi kulang, samantalang ang *kapunuan* ay kaugnay sa mga bagay na nagiging sangkap nito na inilagay upang mapuno.<sup>73</sup> Para kay Julio F. Silverio, ang iba pang kahulugan ng *kapunuan*

<sup>67</sup> Snijders, s. s. alm *mâlê'*, *IDOI*, bol. VIII, pgtn. Johannes. G. Botterweck, Helmer Ringgren, Heinz-Joseph Fabry, isln. Douglas Stott, bin. lim. (Grand Rapids, Michigan/ Cambridge/ UK: William B. Eerdmans Publishing Company, 1997), 297-388; *Hebrew -English Lexicon*, s. s. alm *mâlê'*, 145. Ito ay maaaring gamitin bilang pandiwang palipat (*transitive verb*), *punuin* at pandiwang katawanin o di palipat, (*intransitive*) *pinuno*.

<sup>68</sup> Tingnan ang kahulugan ng sa Lambdin, tungkol sa salitang *vgD dāgeš*, *Biblical Hebrew*, xxv.

<sup>69</sup> Tingnan ang iba pang salitang may *H hah*, sa Lambdin, *Biblical Hebrew*, xxiv-xxv; John R. Kohlenberger III, pgt., *Psalms 24, (Genesis-Malachai) The NIV Interlinear Hebrew-English Old Testament*, bin. lim. (Grand Rapids, Michigan: Zondervan Publishing House, 1987), 370. Sa saling ito, ang katumbas ng *H ah* ay *her*, na katumbas naman ng *kanya* sa WF, panghalip na panao, ikatlong panauhan, kasariang pambabae, isahang bilang.

<sup>70</sup>

Ang *nito* ay pinagsamang pamatlig na *ng* at panghalip na *ito*, isahang bilang, Gonzalez-Garcia, Lydia. *Makabagong Gramar ng Filipino*. Bin. lim. (Manila: Rex Book Store, 1999), 53.

<sup>71</sup> Ibig sabihin, *lahat* o *bawat*, Lambdin, tungkol s. s. IKo *kol*, *Biblical Hebrew*, 61; Tingnan ang iba pang

paliwanag kaugnay ng salitang ito; Ringgren, s. s. IKo *kol*, *IDOI*, bol. VII, pgtn. J. Botterweck at H. Ringgren, isln. David E. Green (Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1995), 135-140.

<sup>72</sup> *New Vicassan's English-Pilipino Dictionary*, s. s. *whole-buo*, 1566; Aurea Jimenez Santiago, Manuel Franco, Luis L. Santos, s. s. *buo*, *Diksiyunaryong Filipino*, bin. lim. (Manila: Meriam and Webster Book Store, 1994), 33; Gonzales-Garcia, *Makabagong Gramar*, sa paksang *panlapi*, 43; Sa WF dinu-dugtungan ng unlaping *ka* at hulaping *an* ang salitang ugat upang mabuo ang pangngalan. Hal. *kabuuan*. Mapapansin din ang pagbabagong-baybay ng *o* tungo sa *u*, kung ang salitang-ugat na kinakabitan ng hulaping *-an* ay nagtatapos sa titik na *o*.

<sup>73</sup> *New Vicassan's English-Pilipino Dictionary*, sms. *full-punô*, *kapunuan*, 480.

(galing sa *punô*) ay *apaw*.<sup>74</sup> Ang *apaw* ay nagpapahiwatig na ang laman ay dumadaloy, kaya ipinasiya ng mananaliksik na isalin ang Hawlm *mâlôah* sa salitang *kapunuan*, dahil mas angkop itong maging salin ng Salitang Hawlm *mâlô'ah*. Ibig sabihin, ang likha ni YHWH ay umaapaw. Ang kanyang nilikha ay hindi lamang ang *kabuuan* ng daigdig, kundi ang *kapunuan* nito, at ang *kapunuan* ito ay *umaapaw* pa. Ibig sabihin, patuloy itong pinupuno. Nagpapahiwatig ito na buháy ang mga likha ni YHWH, gumagalaw at lumalago, hindi minsanan ngunit patuloy na kumikilos. Kaya sa palagay ng mananaliksik, hindi na rin kailangang idagdag pa ang salitang *IK kol*.

Ibeete *tēbēl*. Ang Ibeete *tēbēl* ay isang kosmolohikal na salita.<sup>75</sup> Sa kultura ng mga taga-Akadia, may salitang *tābālu*<sup>76</sup> na tumutukoy sa pinakasaganang lupa. Ayon naman kay Hirsch, ang lahat ng mga pook na tinitirhan ngayon ng mga tao ay bunga ng gawa ng Panginoon na nag-umpisa sa *lb,B babel*, ang Tore ng Babel. Doon, nilito niya ang mga dila ng tao at kinalat sila sa buong daigdig, kung gayon ito ang pinanggalingan ng salitang *IbeeEte tēbēl*.<sup>77</sup> Ayon din kay Rashi, ang *IbeeEte tēbēl* sa taludtod na ito ay tumutukoy sa lahat ng lupain sa labas ng lupa ng Israel. Bagama't madalas itong iniuugnay sa salitang *#r<a <<<<'eres*,<sup>78</sup> ang Ibeete *tēbēl* ay hindi lamang ang *lupa*, ngunit kasama dito ang lahat ng mga nagsisitahan.<sup>79</sup> Batay sa mga paliwanag na ito, ipinasiya ng mananaliksik na mas angkop ang salitang *daigdig* bilang salin ng *IbeeEte tēbēl*. Parehong *daigdig* ang ginamit ng tatlong salin. Ang *#r<a<<<<'eres* at Ibeete *tēbēl* ay parehong nasa kasariang pambabae.

ybev.yOw> *wāyošbē* Ang ybev.yOw> *wāyošbē* ay binubuo ng pangatnig na *W> wā* at pinaikling anyo ng *~ybiv.yO yošbīm*.<sup>80</sup> Ang *~ybiv.yO yošbīm* ay pandiwari<sup>81</sup> na maramihan. Batay ito sa pandiwang *bvy yašab*, na ang ibig sabihin ay *umupo, tumahan, o manahan*, tumira o *manirahan*.<sup>82</sup> Ang salitang *bvy yašab* ay maaari ding katumbas ng *mananahan* sa WF<sup>83</sup>. Matatagpuan din ang salitang *bvy yašab* sa Isaias 33:16, *iyang ang mananahan sa kaitasan at magkakaroon ng kublihan sa mga kutang-bato, magkakaroon ng pagkain at hindi sila mawawalan ng tubig* (ABB). Ang nakasulat naman sa Awit 36:3, *Manalig ka sa Panginoon at gumawa ng mabuti, at nang makatahan ka sa lupa at*

<sup>74</sup>Julio F. Silverio, s. s. *puno*, Bagong Diksiyunaryong Pilipino-Pilipino (Manila: National Book Store, 1980), 322.

<sup>75</sup>Hebrew-English Lexicon, s.s. *IbeeEte tēbēl*, 102.

<sup>76</sup>Kraus, *Psalms 24, Psalms 1*, 313.

<sup>77</sup>Feuer, *Tehillim*, 297.

<sup>78</sup>Ludwig Kohler-Walter Baumgartner, s. s. *IbeeEte tēbēl*, Hebrew / Aramaic-English Lexicon, bol. IV, isln. at pgtn. Walter Baumgartner at Johann Jakob Stamm, sa pagsusubaybay ni M. E. J. Richardson, bin. lim. (Leiden/New York/ Köln: E. J. Brill, 1996),1682 .

<sup>79</sup>Pa. sang., pa. p.; Tingnan din ang kaugnay na paliwanag sa Mayer I. Gruber, Rashi's Commentary on Psalms 1-89 (Books I-III with English Translation, Introduction and Notes ni Mayer I. Gruber, USF Studies in the History of Judaism (Atlanta, Georgia: Scholar's Press, University of South Florida, 1998), 137.

<sup>80</sup>Lambdin, Biblical Hebrew, tingnan din ang ibang mga halimbawa ng *anyong-kaugnay*, 72-80.

<sup>81</sup>Ang salitang ito ay nanggagaling sa dalawang salitang pandiwa at pang-uri. Ang *pandiwari* ay salitang pandiwa na kung minsan ay ginagamit bilang pang-uri. Tingnan sa Jimenez Santiago amk., Diksiyunaryong Filipino, s. s. *pandiwari*, 151.

<sup>82</sup>Tingnan ang ibang kahulugan ng *bvy yašab*, sa Hebrew-English Lexicon, 117; Görg, s. s *bvy yašab*, IDOT, bol. V, 424-427; Bukod sa mga salitang nabanggit, maaari din itong katumbas ng *manatili* o *mamuhay*, Jimenez Santiago amk., Diksiyunaryong Filipino, s. s. *tira*, 318, at s. s. *manatili*, 289.

<sup>83</sup>Hindi gaanong ginagamit ang salitang *mananahan* sa karaniwang pag-uusap.

*magtamasa ng kapanatagan* (ABB). Ang *bvy yašab*, ayon sa mga kahulugang ito, ay nagpapahiwatig ng isang aktibong pamumuhay, hindi lamang basta *naroroon* na siyang gamit na salin ng MBB o *naririto* na siya namang salin ng BSP.

Sa gamit ng pangungusap, hindi angkop ang saling *umupo* kung ang pag-uusapan ay ang mga nasa lupa at daigdig, dahil asiwa ang magiging kalalabasan kung ito ang gagamiting salin. Kaya't ang salin ng ABB na *nagsisitahan*, ay higit na malapit sa orihinal kaysa sa BSP *naririto*, at MBB *naroroon*. Ang *naririto* at *naroroon* ay galing sa *dito* at *doon* na kapwa naman mga pang-abay.<sup>84</sup> Ang salin ng salitang ito sa BSP at MBB ay maaaring batay sa susunod na salita na **HB** *bah*<sup>85</sup> na ang salin sa WF ay *dito*. Hindi na nila isinama sa pagsalin ang *ybev.y yošbê* na nakasulat sa orihinal na teksto. Ipinasiya ng mananaliksik na gamitin din ang salitang *dito*, sa halip na *naririto* o *naroroon*, dahil mas malapit ito sa diwa ng sugnay.

Tama rin ang anyong pangmaramihan ng *nagsisitahan* sa ABB. Gayunpaman, hindi na dapat isama ang salitang *lahat* sapagkat wala naman ito sa orihinal. Hindi nakasulat ang salitang *Iko kol* na siyang katumbas nito sa orihinal na WH. Iminungkahi din ng mananaliksik ang saling *dito*, sa halip na *doon* na siyang ginamit ng ABB bilang salin ng salitang **HB** *bah*. Ang **B** *bə* ay pang-ukol na tumutukoy sa isang lugar at isinalin sa WF ng *sa*. Kinakabitan ito ng **H** *ah*. Kung ibabatay sa paliwanag ng *dāqesh* ang magiging salin nito ay *nito*, ngunit kung susundin ang palaugnayan at diwa ng WF, ang mas higit na angkop na salin nito ay *dito*. Sa mungkahing salin ng mananaliksik, iginalang niya ang pagkabalalay ng dalawang sugnay, kaya ang saling nabuo ng taludtod na ito ay:

***Kay David, (Isang) Awit***

***Kay hw"hy YHWH ang lupa at kapunuan nito***

***(ang) daigdig at (ang) nagsisitahan dito.***

**PAGLALAGOM**

SNM (Salin ng mananaliksik)	ABB	BSP	MBB	WH
Kay	ni	w. b.	w. b.	I
David	David	w. b.	w. b.	dwld
Isang awit	[Isang] Salmo	w. b.	w. b.	rAmz>mi

**1.) rAmz>mi dwld'!.... Ið *Dāvid* mizmor,**

Mahalaga ang pariralang rAmz>m idwld'!.... Ið *Dāvid* mizmor. Iniuugnay nito ang akda kay David. Maaaring ipinahahayag nito na si David nga ang lumikha ng Awit o maaaring sa kanyang pagmamahalaga at

<sup>84</sup>Paraluman S. Aspillera, s.m.s. *naririto, naroroon, Basic Tagalog*, bin. lim. (Manila: M and L Licudine Enterprises, 1985), 89.

<sup>85</sup>*Hebrew-English Lexicon*, s. s. **HB** *bah*, 30, hango sa pang-ukol na **B**. *bə* na tinutukoy ang *pook*, ibig sabihin, *sa pook na ito*. Sa madaling sabi, *dito*.

pagtataguyod nabuo ang Awit. Sa tatlong bersyon, ang ABB lamang ang nagbigay-halaga sa pariralang ito, ngunit hindi rin nito sinunod ang daloy ng palaugnayan ng parirala sa orihinal na wika. *Isang Salmo ni David* ang naging salin nito sa unang pariralang rAmz>mi dwID'!.... *lā Dāvid mizmor*, na siyang superskripsyon ng **Awit 24**. Isinalin ito ng mananaliksik sa *Kay David, Isang Awit*. Bagama't sang-ayon ang mananaliksik na maaaring gamitin ang pamamaraan ng pagsasalin sa kinikilalang wika katulad ng *Salmo*, pinagsisikapan din niya na muling mapahalagahan ang salitang *Awit* sa orihinal na Wikang Filipino. Ang salitang *Salmo* ay halatang tunog Griyego. Iba ang indayog ng salitang *Awit*. Ginagamit pa rin naman ang *Awit* ng karamihang mga Pilipino. Ayon sa paniniwala ng mananaliksik, gagamitin lamang ang iba't-ibang pamamaraan ng pagsasalin kung tala-gang wala nang makikitang katumbas ng salitang isinalin sa pinagsalinang wika. Sa kalagayang ito, ang *Awit* ang siyang mas angkop bilang salin ng rAmz>m *mizmor*.

## 2.) hw"hy>|>> lā YHWH

SNM	ABB	BSP	M B	WH
Ka	Sa	Sa	w. b.	l
YHWH	Panginoon	Panginoon	w. b.	hw"hy

Parehong isinalin ng ABB at BSP ang pariralang hw"hy>|>> lā YHWH sa sa Panginoon. Ginamit ng mananaliksik ang pang-ukol na *kay* sa halip na *sa* na siyang ginamit ng dalawang bersyon. Sa palagay ng mananaliksik, mas angkop ang *kay* kung ihamam-bing sa *sa*. Naging mas personal ang siyang naging dating nito, lalo na kung iugnay sa YHWH. Bagama't ang Panginoon ay isa sa mga tawag kay YHWH, iba pa rin ang kahulugan nito.<sup>86</sup> Sa pagsalin ng mananaliksik sa hw"hy>|>> lā YHWH sa *Kay YHWH*, muling napapahalagahan ang kahulugan ng pangalang ito ayon sa kaisipan, pananaw at paniniwala ng mga Hudyo tungkol sa pangalang ito. May ilan na ring mga sanggunian at mga grupo ng mga Kristiyanong Pilipino ang gumagamit nito. Makakatulong din ito sa ating pag-unawa sa kultura ng mga Hudyo. Muli nating alalahanin na ang layon ng pagsasaling ito ay naiugnay sa pagkiling nito sa kaisipan at pananaw ng mga Hudyo. Mahalaga ito sa ating pagbabalik-tanaw sa pinag-ugatan ng ating pananampalataya. Mas mabuti rin kung ito'y binibigkas sa *Yah* bilang pagbigay-galang natin sa kultura at pananampalataya ng mga Hudyo.<sup>87</sup>

## 3.) #r,a'h' hā'āres

SNM	ABB	BSP	MBB	WH
ang	ang	ang	w. b.	h
lupa	lupa	lupa	w. b.	#r,a'

Parehong isinalin ng ABB at BSP ang salitang #r,a'h' hā'āres sa *ang lupa*, samantalang wala naman itong katumbas sa MBB. Sa halip, dumeretso ito sa *ang daigdig*. Ginamit ng saling ito ang pamamaraang Delisyon. Kung susundan ang mga paliwanag tungkol sa salitang ito, makikita na mas angkop itong isalin sa *ang lupa* sa halip na daigdig. Ang *daigdig* ay mas angkop na salin ng lbeeEte tēhēl na matatagpuan din sa

<sup>86</sup>Tingnan ang kaugnay na paliwanag tungkol sa pangalang ito sa Tikha, Taludtod 10, talb. 452. p.180.

<sup>87</sup>Glenn Witmer, *The Geography and Archeology of the Land*. Lektur, Bat Kol Institute, Jerusalem, 2002. Ipinaalala ni Glenn Witmer, na kinakailangan din nating maging sensitibo sa kultura ng mga Hudyo. Aniya, ang pagbigkas nito sa *Yah*, ay nagpapahayag ng ating paggalang sa ating mga ninuno sa Pananampalataya. Tingnan din ang talb. 171. Pinapaalaa din ang pananaw na ito sa mga Pilipinong OFW na kasalukuyang nagtatrabaho sa Israel bilang mga Caregivers.

pangalawang bahagi ng taludtod na ito. Magkaiba ang *lupa* at *daigdig*. Makakatulong ang pagsasalin ng #r,a'h' *hā'āres* sa *ang lupa* sa pag-unawa na sa *lupa* nagsimula ang lahat ng buhay. Ang *lupang* ito ang siyang tinutukoy sa unang bahagi ng Genesis. Kung ang *lupa* na siyang pinagmulan ng lahat ng buhay maging maliliit man o malalaki, ay pag-aari ni YHWH, walang bagay na nakakaligtas sa kanyang pag-aari. Ibig sabihin, kanya ang lahat ng mga tumutubo rito. Sa *lupa* nagsisimula ang lahat ng buhay. Dito nag-umpisang tumubo ang lahat ng bagay. Dito rin hininga ang buhay ng tao na siyang kawangis ng Diyos.<sup>88</sup> Kung dito nagsisimula ang lahat ng buhay, nararapat lamang na ito'y ating alagaan at igalang.<sup>89</sup>

Ang ganitong pagkasalin ay makakatulong sa pagpaalala sa atin na maging tao man o hayop, o halaman na tumutubo at nabubuhay sa *lupa*, pare-pareho tayong pag-aari ni YHWH. At kung lahat tayo'y pag-aari niya, wala tayong karapatang lapastanganin ang mga bagay na nasa *lupa*. Nakakatulong ito sa ating pagsisikap na mapahalagahan ang kalikasan, maging anong uri man ito.

#### 4.) HawOOIm *māló'ah*

SNM	ABB	BSP	MBB	WH
kapunuan nito	ang tanang naroroon;	kabuuan nito	lahat ng naroroon	Ha'Alm

Isinalin ng ABB ang salitang HawOOIm *māló'ah* sa *tanang naroroon*, sa BSP, sa *kabuuan nito*, at sa MBB naman sa *lahat ng naroroon*. Samantala, iminumungkahi naman ng mananaliksik na isalin ito sa *kapunuan*. Nabanggit na ng mananaliksik ang pagkakaiba ng kahulugan ng iba't-ibang salitang naging salin sa HawOOIm *māló'ah*. Nais nitong bigyan ng kahalagahan ang *kapunuan* ng *lupa* na pag-aari ni YHWH. Ang *pagkapunô* nito ay umaapaw, ibig sabihin, patuloy ang pagtubo ng buhay na nagmumula sa *lupa*. Kay YHWH ito, at ang *pagkapuno* nito ay maaari ding magpahiwatig na patuloy ang biyaya ng kasaganaan sa lahat ng mga tumutubo rito, at dahil ito ay kay YHWH, patuloy din niya itong pinapatubo at pinapalago.

#### 5. ybev.yOw> *wāyošbē*

SNM	ABB	BSP	MBB	WH
nagsisitahan	naririto	nagsisitahan	naroroon	ybev.yO

Ang *nagsisitahan* ay kaugnay sa salitang *tahan*, na ibig sabihin ay *tumigil*. Para sa mananaliksik, kung iuugnay ang *pagtigil* na ito sa lahat ng nasa *lupa*, ito ay nagpapahahayag na ang bawat uri ng nilalang o anumang bagay na nasa *lupa* ay may kanya-kanyang pook kung saan sila itinalagang mamuhay o *manahan*, ayon sa kagustuhan ng may-ari ng *lupa*. Hindi nararapat na ang tao ay nakatira sa lansangan o sa basurahan na wala man lang masisilungan. Hindi rin dapat nakalagay ang mga ibon sa tindahan dahil sa puno o sa himpapawid sila dapat mananahan. Ang mga isda rin ay dapat sa ilog at sa dagat matatagpuan, dahil doon sila dapat magsisitahan. May mga halaman at mga bulaklak na nabubuhay sa mga malalamig na pook lamang, na

<sup>88</sup>Gen. 2:7.

<sup>89</sup>Sa panahon ngayon, sobra-sobra na ang pang-aabuso ng mga tao sa kalikasan. Dahil dito natutuyot na ang mga *lupa*. Bukod dito, marami ring mga tao ang sakim sa *lupa*. Maraming mga pamilya at mga kaibigan ang nagpapatayan dahil sa *lupa*. Ang pagbibigay ng kahalagahan sa *lupa* sa saling ito ay nagpapaalala sa atin na kaisa natin ang *lupa*. Kung matutuyot itong tuluyan ay matutuyot din ang lahat ng nananahan dito. Ang kaugnay na paliwanag na si YHWH ang may-ari nito ay nakakapaganilay sa atin kung paano tayo nakikipag-ugnayan sa ibang uri ng kalikasan. May kasabihan ang mga katutubo kaugnay nito, *Hindi mo kayang lamunin ang lupa, dahil balang araw, sa ayaw mo at gusto, ikaw ang lalamunan nito*.

hindi sila dapat ilipat sa disyerto sa pamamagitan ng pagbebenta o ng anumang artipisyal na paglilipat, dahil magkakaroon ito ng implikasyon sa pamamaraan ng pag-alaga.

## **BUOD AT PANGWAKAS**

Sa pagsusuring ginawa napatunayan na mas nabigyang halaga ang bawat salita ng **Awit 24**. Napuna rin dit na sa tatlong bersyon ng salin, ang ABB at BSP ang mas kumiling sa orihinal na WH, samantalang ang MBB naman ay madalas na gumamit ng pamamaraan ng pagsasalang *Delisyon*. Marahil, mas nabigyan ng diin nito ang anyong patula ng **Awit 24**, lalo na ang regular na rimo ng bawa't taludtod, batay sa panulaan ng WF. Gayun pa man, hindi ito ang layunin ng pagsusuring ito. Napatunayan din na may agwat na sa kahulugan ang mga salitang ginamit ng tatlong bersyon, katulad ng mga naipaliwanag na sa mga huling bahagi ng pagsusuring ito. Sa pagbatay ng salin sa orihinal na WH, nakita ang pangangailangan ng pagbibigay-kulay sa **Awit 24**: Mas nabigyan ng halaga ang superskripsyon o pinakapamagat. Gayundin, nagkaroon ng panibagong kulay ang bawat taludtod. Mayroon ding naipatingkad na mga bagong kahulugan at mga bagong pananaw tungkol sa kahulugan ng bawat salita:

**Tal. 1** Mas naging personal ang dating ni YHWH dahil pambungad na pagpapakilalang **Kay YHWH**. Para sa mga nananalangin gamit ang bagong salin, mas malapit sa kanilang buhay ang **Kay YHWH** kaysa Sa Panginoon. Tunay ngang sa kanya ang lahat. Sa saling ito, nabigyan din ng kakaibang paliwanag ang **lupa** kaugnay sa mga nilikha ng Diyos, gayundin, ang pakikipag-ugnayan ng tao sa iba pang mga nilikha ng Diyos na namuhay sa **lupa**. Ang lupa *nga* ang siyang pinagmulan ng lahat ng buhay. Ipinahihiwatig din ng **kapunungan** na ang kaloob ni YHWH na **lupa** ay hindi lamang para sa isang lahi, kundi, patuloy itong *pinupuno* para sa darating pang mga lahi. Ibig sabihin ang kasaganaan ng lupa ay biyaya sa lahat ng mga lahi.

Maaari din itong hamon sa mga tao ng kasalukuyang panahon, kung papaano natin iniingatan ang biyayang ito para sa susunod pang mga lahing darating sa kinabukasan. Nawa'y ang bagong salin ay makakatulong sa pagpapalaganap ng ganitong kaisipan nang sa gayon matanto ng tao na kaakibat tayo ni YHWH sa pagpapahayag ng biyayang ito.

Ang **nagsisitahan** naman ay nakakapagpanilay sa sitwasyon ngayon ng daigdig kung saan ang mga kinalalagyan ng mga nilikha ni YHWH ay nailagay sa panganib. Maraming mga bansa na mas nabibigyan pa ng halaga ang mga aso, pusa at iba pang hayop kaysa sa tao. May restoran na para sa mga aso't pusa; Mas maraming pera ang ibinubuhos sa mga bahay, mga pagkain at mga pagpapagamot ng mga hayop, samantalang ang ibang tao ay namumulubi at namamasura. Ang tao ay hindi dapat mananahan sa basurahan. May mga halamang bagay lamang sa malamig na mga pook na pinagpipilitang ilagay sa mainit na hardin. Tuloy, nanga-ngailangan ito ng isang artipisyal na pamamaraan ng pag-alaga. Ibig sabihin, mas maraming tubig ang kinakilangan at mas maraming abono ang dapat ibuhos. Ang ganitong sistema ay nakakasira sa daloy ng kalikasan. Maaaring makakaapekto ito sa **kapunungan** ng lupa. Ang sistemang ito ay hindi nakakatulong sa pag-iingat sa kasaganaan ng kalikasan. Maaaring makakapagpaiksi ito o makakasira sa buhay ng kalikasan.

Kung gayon, ang saling **nagsisitahan** ay hamon sa bawat isa na pagnilayan ang daloy ng kalikasan at ng bawat nilalang sa mundong ito. Saan ba talaga ang dapat na kalalagyan ng bawat nilalang? Saan ba talaga dapat magsisitahan ang bawat nilikha ni YHWH?

## TALASANGGUNIANG

### 1. Banal na Kasulatan

Ang Banal na Biblia. Salin ni Jose Abriol. Pasay City: St. Paul Publications, 2000.

Biblia ng Sambayanang Pilipino. Quezon City: Claretian Publications, 1990.

Magandang Balita Biblia. Manila: Philippine Bible Society, 1980.

Biblia Hebraica Stuttgartensia. Ika-4 na lim.. Inayos at pgtn. K. Elliger at W. Rudolph. Stuttgart: Deutsche Bibelgesellschaft, 1970.

The Interlinear Bible: Hebrew-English. Green, Jay P. Sr., pgt.. Grand Rapids: Bakerbook, 1983.

### Mga Talatinigan o Diksiyunaryo, Tesauro, Leksikon at Ensayklopedya

#### a.) Hebreo-Ingles/ Ingles-Ingles

Botterweck, Johannes G. at Helmer Ringgren, pgt.. Theological Dictionary of the Old Testament. Bol. I. Isln. John T. Willis. Michigan: William Eerdmans Publishing Company, 1977. S. s. #r,a<

'eres ni Ottosson.

\_\_\_\_\_. Bol. II. Isln. John T. Willis, 1977. S. s. \$rb *barak*, ni Scharbert; vqb *biqqeš*, ni Wagner; awOb *bô'*, ni Preuss; vrd *dāraš*, ni Wagner; rbg *gabbar* at rbogl *gibbôr* ni Kosmala; at rh *hār*, ni Talmon.

\_\_\_\_\_. Bol. III. Isln. John T. Willis, Geoffrey T. Bromiley at David E. Green, 1978. S.s. rwOd *dôr*, nina Freedmann Lundbom at Botterweck; at aWh *hû'*, nina Fabry at Ringgren.

\_\_\_\_\_. Bol. V. Isln. Johannes G. Botterweck at Helmer Ringgren, 1988. S. s. Hwhy *YHWH*, nina Ringgren, Freedman at O'Connor.

\_\_\_\_\_. Bol. VI. Isln. David E. Green, 1990. S. s. ~yMiy *yammîm*, nina Fabry at Soggin; ~y *yam*, ni Ringgren; [wvy *yešua'*, nina Sawyer at Fabry; bvy *yašab*, ni Gorg; bk[y *Ya'acob*, ni Zobel; atdsy *yāsād*, ni Mosis.

\_\_\_\_\_. Bol. VII. Isln. David E. Green. 1995. S.s. dbk *kabed*, nina Dohmen at Stenmans; dwbk *kabôd*, ni Weinfeld; lko *kol*, ni Ringgren; bl *leb*, bbl *lebāb*, ni Fabry; at !k *kûn*, ni Koch.

\_\_\_\_\_. Botterweck, Johannes G., Helmer Ringgren at Heinz-Joseph Fabry, pgt.. Theological Dictionary of the Old Testament. Bol. VIII. Isln. Douglas Stott. Michigan, Cambridge/ UK: William Eerdmans Publishing Company, 1997. S. s. alm *mālē'*, ni Snijders; ~qm *maqom*, nina

Gamberoni at Ringgren; \$Im *melek*, ni Seybold; at hmxlm *milhāmāh*, ni Preuss.

\_\_\_\_\_. Bol. IX. Isln. David E. Green. 1998. S. s. rhn *nāhār*, nina Snijders, Ringgren at Fabry, hqn *nāqāh*, yqn *nāqī'*, ni Warmuth; at vqn *nepeš*, ni Seebass.

\_\_\_\_\_. Bol. X. Isln. Douglas W. Stott, 1999. S. s. afn *nāšā'*, nina Willoughby, Fabry at Ringgren.

\_\_\_\_\_. Bol. XI. Isln. David E. Green, 2001. S. s. dm[ *'amad*, ni Ringgren; hl[ *'alah*, ni Fuhs; bq[ *'āqab*, ni Zobel; at zzU[ *'izzûz*, ni Wagner.

\_\_\_\_\_. Bol. XII. Isln. Douglas W. Stott, 2003. S. s. hnP *pāneh*, ~Nip *pānim*, ni Simian-Yofre; vdq *qadoš*, nina Kornfeld Ringgren; abc *saba'*, ni Ringgren; twabc *saba'ôt*, ni Zobel; qdc *saddîq* hqdc *səddāqāh*, nina Ringgren at Johnston; ~Wq *qûm*, ni Gamberoni.

Glazier, Michael at Monika K. Hellwig, pgt.. The Modern Catholic Encyclopedia. Minnesota. The Liturgical Press, 1994. S. s. *Hermeneutics*.

Hebrew-English Lexicon. London: Samuel Bagster and Sons, LTD, 1974.

The New Encyclopaedia Britannica. Walang pgt.. Chicago: William Benton, 1979. S. s. *Syntax*.

Webster, Merriam. Webster's New Third International Dictionary-Unabridged. Bin. lim..

Springfields, Massachusetts: 1986. S. s. *Cosmogony*.

#### b.) Ingles-Filipino/ Filipino-Filipino

De Guzman, Maria Odulio. Bagong Diksiyunaryo: Pilipino-Ingles, Ingles-Pilipino. Manila: National Book Store Publishers, 1968.

Jimenez Santiago, Aurea, Manuel Franco at Luis Santos. Diksiyunaryong Filipino. Manila: Merriam and

Webster Bookstore, Inc., 1994.

- \_\_\_\_\_. Diksiyunaryo-Tesaurus Pilipino-Ingles. Quezon City: Manlapaz, 1992.
- Santos, Vito C.. New Vicassan's English-Pilipino Dictionary. Pasig: Anvil Publishing, 1995.
- Silverio, Julio F.. Bagong Diksiyunayong Filipino. Mandaluyong: National Book Store, 1980.
- Gorospe, Vitaliano R. S.J.. Filipino Values Revisited. Manila: National Book Store, 1988..

### **3. Pangkalahatang Batayan**

#### **a.) Tungkol sa Wikang Hebreo**

- Andersen F. I.. The Sentence in Biblical Hebrew. Hague: Mouton, 1974.
- Lambdin, Thomas. Introduction to Biblical Hebrew. London: Darton Longman and Todd, 1988.
- Kelley, Page; Daniel S. Myrnatt at Timothy Crawford. The Masorah of Biblical Hebraica Stuttgartensia. Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1998

#### **b.) Tungkol sa Wikang Filipino**

- Gernace-Ulit, Perla amk.. Pagpapahalaga sa Panitikan ng Pilipinas. Makati: Grandwater Publications and Reseach Corporation, 1998.
- Gonzalez-Garcia, Lydia. Makabagong Gramar ng Filipino. Bin. lim. Manila: Rex Book Store, 1999.
- Jorge-Legaspi, Wilfreda. Isang Pagsusuri sa mga Teknik na Ginamit ni Rustica Carpio sa Pagsasalin ng Maikling Kwentong "Doubt" ni Wong Meng Voon. Sa Pagsasaling Wika: Behikulo sa Pagpapalaganap ng Wikang Filipino. Lungsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1995.
- Linangan ng mga Wika sa Pilipinas. Diksiyunaryo ng Wikang Filipino. Metro Manila: LWP/ IMC/ NBS, 1989.
- Santiago, Alfonso. Sining ng Pagsasaling-Wika. Manila: Rex Book Store, 1976.
- Santiago, Lilia Quindoza. Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas. Quezon City: University of the Philippines Press, 1999.
- Santos, Lope K.. Mga Katangian ng Tulang Filipino. Sa Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Patulang Tagalog nina Fray Gaspar de San Agustin atbp.. Isln. Trinidad O. Regala at ng Dr. Jose Rizal Centennial Commission. Lungsod ng Quezon: Sentro Ng Wikang Filipino, Sistema ng Unibersidad ng Pilipinas, 1996.
- Rubin, Ligaya Tiamson. Isang Pagsusuri sa Salin ng "The Book of Psalms." Sa Pagsasaling Wika: Behikulo sa Pagpapalaganap ng Wikang Filipino. Lungsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1995.
- Villafuerte, Patrocinio V.. Introduksyon sa Pagsasaling-Wika: Teorya, Mga Halimbawa at Pagsasanay. Makati: Grandwater Publications and Research Corporation, 2000.
- Yap, Fe Aldaba. A Comparative Study of Philippine Lexicon. Institute of National Language, 1997.

#### **k.) Iba pang Batayan**

- Alter, Robert. The Art of Biblical Poetry. T and T Clark LTD, 1990.
- \_\_\_\_\_. The Art of Biblical Narrative. New York: Basic Books, 1981.
- Alter, Robert at Frank Kermode, pgt.. Psalms. The Literary Guide to the Bible.
- Kraft, Charles. Christianity and Culture. A Study in Dynamic Biblical Theologizing in Cross-Cultural Perspective. Maryknoll: Orbis Books, 1979.
- Kugel, James. The Idea of Biblical Poetry: Parallelism and Its History. New Haven: Yale University Press, 1981.
- Mays, James L.. The Lord Reigns: A Theological Handbook to the Psalms. Louisville, Kentucky: John Knox Press, 1994.
- Nida, Eugene. Toward A Science of Translating. Leiden: E J Brill, 1964.
- Neusner, Jacob. Midrash in Context: Exegesis in Formative Judaism. Philadelphia: Fortress press, 1983.
- \_\_\_\_\_. Invitation to Midrash: The Working of Rabbinic Bible Interpretation. New York: Harper and Row Publishers, 1989.
- \_\_\_\_\_. What Is Midrash. Philadelphia: Fortress Press, 1987.
- Westermann, Claus. The Psalms. Structure, Content and Meaning. Minneapolis: Augsburg, 1980.

### **4. Mga Aklat/ Komentaryo**

Brueggemann, Walter. Interpreting Genesis. Atlanta: John Knox Press, 1982.

\_\_\_\_\_. Praying the Psalms. Winona, Minnesota: St. Mary's Press, 1986.

\_\_\_\_\_. The Psalms, The Life of Faith. Minneapolis: Fortress Press, 1997.

\_\_\_\_\_. The Message of the Psalms. Minneapolis: Augsburg, 1984.

Chittister, Joan D., OSB.. The Psalms: Meditations for Everyday of the Year. New York: Crossroad, 1996.

Clifford, Richard, S. J.. Psalms 1-72. Collegeville Biblical Commentary. Collegeville: Liturgical Press, 1985-1986.

Knight George A. F.. Psalms. The Daily Bible Series. Philadelphia: Westminster Press, 1982.

Levine, Herbert J.. Sing To the Lord A New Song: A Contemporary Reading of the Psalms. Indianapolis: Indiana University Press, 1995.

Sarna, Nahum. On the Book of the Psalms or Song of the Heart: Exploring the Prayers of Ancient Israel. 1995.

\_\_\_\_\_. Understanding Genesis. The Heritage of Biblical Israel. New York: Schocken Books, 1966.

Seybold, Klaus. Introducing the Psalms. Edinburgh: T and T Clark LTD, 1990.

Stuhlmüller, Carroll, CP.. Psalms 1. Pgtm. Martin McNamara, The Old Testament Message Series, vol XXI. Wilmington: Michael Glazier Incorporated, 1983.

The Jewish Publication Society. Seper Tehillim [The Book of Psalms] A New Translation According to the Original Hebrew Text. Philadelphia: The Jewish Publication Society, 1997.

Westermann, Claus. The Psalms. Structure, Content and Meaning. Minneapolis:Augsburg,1980.

\_\_\_\_\_. The Living Psalms. Islm. J. R. Porter. Grand Rapids, Michigan: Willam B. Eerdmans Publishing Co., 1989.

Wettle, Daniel and Suzanne Romaine. Vanishing Voices. New York: Oxford University Press, 2000.

#### 5. Mga Sangguniang Galing Internet, atbp..

Alter, Robert. *From Line to Story in Biblical Verse Comparative Literature*. Poetics Today, blg. 4, 1983. <http://spinoza.tau.ac.il/hci/pub/poetics/alter/alter.html>.. Hunyo 11, 2001.

Doerfel, James. Psalm 24: A Resurrection Hymn. jedorfel@two-age.org.; two-age@ two-age.org.. Enero 23, 2004.

Goins, Doug. A Song of Triumph Palo Alto. CA: Discovery Publishing/Peninsula Bible Church. Katalog blg. 4430 (Abril, 1995. Inayos, Oktubre 21, 2000), On-line, <http://www.pbc.org/dp/-goind/4430.html>., Hunyo 7, 2001.

Institute for Creation Research, Psalm 24 and The Ownership Clause. On-line. ICR's Online Store, A Christ Focus Creation Ministry. Santee, Ca.: Institute of Creation Research, 2001. wysiwyg://9// <http://www.icr.org/bible/smile/smile02.html>. Hunyo 11.

Ko Ha-Fong, Sr. Maria, FMA.. *Reading the Bible in an Asian Context*. BDV [Bulletin Dei Verbum] 40/41, Limbag na Ingles. Stuttgart: Catholic Bible Federation (Hunyo, 1987).[http://www.c-bf.org/ start.php?CONTID=04\\_01\\_01&LANG=en#](http://www.c-bf.org/start.php?CONTID=04_01_01&LANG=en#)Hunyo 11, 2001.

Bibleworks Program. 4.0. © Bibleworks, LLC, 1998.

#### 6. Mga Lathalain

Meek, Teophile. *Translating the Hebrew Bible*. Journal of Biblical Literature 81 (1962): 143-154.

Reifsnnyder, Richard. Psalm 24. Interpretation 51 (1997): 284-288.

Lewis, Paul. *Too Late to Say 'Extinct' in Ubykh, Eyak Ona*, New York Times, 15 August 1998, 7.

#### 7. Mga Tikha

Co, Maria Anicia Bation, RVM.. *Ang Pilipinong Kristiyano sa Kasalukuyang Lipunan: Kinatawan ni Hesukristo: Isang Mungkahing Mabisa at Angkop na Katumbas ng "Mathetes."* Isang Tikhang Iniharap sa Kaguruan ng Dalubhasaang Teolohiko ng Maryhill, Hunyo, 1985.

Dianzon, Bernardita, FSP.. *Salaysay ng Paglikha: Isang Pamamaraan ng Pagsasalin ng Isang Pamamaraan ng Pagsasalin ng Teksto-Kritiko* (Isang tikhang iniharap sa paaralang gradwado ng Pamantasang Ateneo de Manila, 20 Marso, 1993),

## 8. Mga Dokumento at iba pa.

- Aklat ng Pangmisa sa Roma. Salin sa Tagalog sa Ikalawang Sipi. Manila: CBCP Regional Commission For Tagalog in the Liturgy of the Hours, 1992.
- CBCP. Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines. 20 Enero 17 Pebrero. Manila: CBCP, 1992.
- FABC. Dokumento para sa mga Katutubo, 1992-1996. Bol. 2, Franz Josef Eilers, SVD., pgt.. Quezon City: Claretian Publications, 1997.
- Flannery, Austin. O. P.. pang. pgt.. The Post Conciliar Documents on the Liturgy. Vatican Council II Document. New York: Costello Publishing Company, 1975.
- Komisyon sa Wikang Filipino. Wika ng Rehiyon: Pantulong sa Paglinang at Pagpapaunlad ng WF. Buwan ng Wikang Pambansa. Agosto 1-31, 2000. Komisyon sa Wikang Filipino. Maynila.
- \_\_\_\_\_. Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2000.
- \_\_\_\_\_. Paksa: Aral ni Balagtas: Gabay sa Pamamahala ng Bansa. Araw ni Balagtas. Proklamasyon blg. 964. Komisyon sa Wikang Filipino. Maynila.

## 9. Mga Lektyur

- Driscoll, Jack. Excavating Exodus: Using the Tools. Ipinahayag sa mga kasapi ng Batkol Institute. Programang Hulyo, 2002. St. Andrew's Hospice, # 1 David Remez St., Jerusalem, Israel.
- Fritz, Maureena. Excavating Exodus: Interacting With the Text. Ipinahayag sa mga kasapi ng Batkol Institute. Programang Hulyo, 2002. St. Andrew's Hospice, # 1 David Remez St., Jerusalem, Israel.
- \_\_\_\_\_. Isang porum ng Batkol Institute Alumni Retreat-Reunion, Grupong *Šđma'* na ginanap noong Mayo 28-29, sa Fabella Seminar House, Lungsod ng Mandaluyong.
- Garcia, Leticia. Jubilee Principles. Ipinahayag sa mga sisters sa kanilang taunang Retrit. DC Provincial House, Sucat, Parañaque. Setyembre 22-29, 2000.
- Isareli, Sarah. Hebrew Language. Ipinahayag sa mga kasapi ng Batkol Institute. Programang Hulyo, 2002. St. Andrew's Hospice, # 1 David Remez St., Jerusalem, Israel.
- Witmer, Glenn Edward. The Book and the Land. Batkol Institute. Programang Hulyo, 2002. St. Andrew's Hospice, # 1 David Remez St., Jerusalem, Israel.
- Neo, Julma, DC. Ipinahayag sa mga Daughters of Charity sa temang Inculturing the Charism in a Changing World. DC Provincial House, Ayanz Hall, Sucat, Parañaque, Metro Manila. Mayo 12, 1996.
- Co, Anicia. Psalms and Wisdom, Lecture, Institute of Formation and Religious Studies, 1996.

## 14. Mga Awit at Tula

- De Guzman, Constanancio. Bayan Ko, 1929. Nilapatan ng titik ni Jose Corazon de Jesus.
- Muñoz, Ernan. Pangako Kay S.. Sa Sunday Inquirer Magazine. Alya B. Honasan, pang. pgt., 8 Hulyo 2001, bol. 14, blg. 18.
- Reyes, Pedro. Ang Dahon. Sa Perla Gernace-Ulit amk. Pagpapahalaga sa Panitikan ng Pilipinas. Makati: Grandwater Publications and Research Corporation, 1998.
- De Jesus, Jose Corazon; Florentino T. Collantes. Ilaw ng Bayani: Bituin at Liwayway. Sa Galileo S. Zafra. Balagtas: Kasaysayan at Antolohiya. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University, 1999).
- \_\_\_\_\_. Panganorin at Alapaap. Sa Balagtas: Kasaysayan at Antolohiya. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University, 1999.

## 15. Iba pang hindi nailathalang sanggunian

- Anonimo. Maria Clara? Nilikha ng isang matandang madre na ayaw magpakilala. St. Catherine Labouré Community, Daughters of Charity Provincial House, 2001.
- Doromal, Rosa Lynn, DC. amk.. Prayers in Inclusive Language. Sa okasyon ng Silver Jubilee ng kanilang grupo, St. Louise de Marillac Chapel, Daughters of Charity Provincial House, Sucat Parañaque, MM. 1996, hpns..
- Gamolo, Martha, DC.. hpns.. Taksil. Sa paksang "Galit." Teatrong Sining, Santo Niño Academy, 1976.

